#PambansangInspirasyon

Lloyd
Luna

# Paano Maging Successful?

## PAG-AARAL, PANGONGOPYA AT PAGGAWA NG PERA

# Babala Bago Bumili

1. Siguraduhing may pambili ka. Napakahirap bumili kapag wala kang pambili. O, wag mo nang tingnan ang *wallet* mo. *More or less* may *idea* ka naman kung magkano ang laman nyan e.
2. Siguraduhing gusto mo talagang bumili at gusto mo ang librong ito. Kung hindi, e dadagdag lang 'to sa *collections* mo na hindi binabasa. Pero ok lang dahil sabi mo nga, 'pag nakikita mo namang naka-display, *feeling* mo ang tali-talino mo na. *For safety*, tinagalog ko na para hindi ka na bumili ng *dictionary*.
3. Siguraduhing hindi ka hihingi ng *discount* maliban na lang kung *senior citizen* ka na. Bigyan mo kami ng ID at *guaranteed* 20% ang matitipid mo. Kung estudyante ka naman, e wag kang mag-alala dahil konting *mark-up* lang sa *school project* mo e mabibili mo na itong *book* na 'to. Mapunta man lang 'yung "tinutubo" mo sa *cute* na librong ito.
4. Siguraduhing hindi mo ako sisisihin kung anuman ang mangyayari sa 'yo *after* mong mabasa ang librong ito. Wala lang akong magawa kaya ko 'to nasulat at bumibili

lang ‘yung mga *classmates* at *office mates* mo kaya bumili ka na rin. Mahirap maiwan sa panahon ngayon.

5. Pasalamatan mo ang nag-invite sa ‘yo sa *seminar* na ‘to o sa taong nag-tsimis tungkol sa *book* na ‘to. Kung hindi sa kanila, hindi mo mahahawakan ang librong ito. Hindi ka rin makakapagpa-picture sa *tall-and-handsome-in-the-dark* na *author*. *By the way*, pareho lang tayong umaatend ng *seminar* dahil *attendance is a must* at *the food is free*. Ang *seminar* ay ginawa nating *feeding program*. Natulog din ako dahil malamig ang *aircon* at *boring* ang *speaker*. Kung may iba tayong *choice*, mas masarap maglaro ng *Candy Crush,* mag-*Facebook* at mag-*Twitter*.
6. Siguraduhing bibilhin mo na ‘to dahil inumpisahan mo nang basahin ang mga paalala na ako rin ang sumulat. Isang minuto mo na ring binasa ang *book* na ito at nabasa na ng pawis ng kamay mo ‘yung *cover*. Hindi mo pa nga napansin: “No Private Reading.”
7. Siguraduhing hihingi ka ng sukli kung sobra ang ibinayad mo at sisiguraduhin ko namang humingi pa sa ‘yo kung kulang ang naibayad mo. Naniniwala ako sa kasabihang, *“Honesty is the best medicine.”*

Buong pusong binili ni:

Ibibigay kay:

Ipapahiram at dapat isoli ni:

Napanalunan ni:

Pinagtangkaang hingin (pero nabigong makuha) ni:

MULA SA #PAMBANSANGINSPIRASYON

# Also by LLOYD LUNA

Is There A Job Waiting For You?
Why Am I Working?
Alphabet of Achievement
The Internet Marketing Handbook
The Obvious Reasons for Success
Why Good People Fail
Why Am I In Love With You?
Nurse Your Future
(DVD) Do You Have A Life of Your Own?

# LLOYD LUNA

# Paano Maging Successful

## PAG-AARAL, PANGONGOPYA
## AT PAGGAWA NG PERA

lloydluna

Copyright © 2013 by Lloyd A. Luna. All rights reserved.
Published by LLOYDLUNA Communications, Manila, Philippines.

Cover Design © 2013 by LLOYDLUNA

No part of this publication may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means, electronic, mechanical, photocopying, recording, scanning, or otherwise, except as permitted, without either the prior written permission or authorization by the publisher.

Requests to the publisher for permission should be addressed to #PambansangInspirasyon, LLOYDLUNA Communications, 1745 Dian St., Makati City 1235 Philippines, Tel. (632) 505–5336 Fax (632) 846–1089

Limit of Liability/Disclaimer of Warranty: While the publisher and author have used their best efforts in preparing this book, they make no representations or warranties with respect to the accuracy or completeness of the contents of this book and specifically disclaim any implied warranties of merchantability or fitness for a particular purpose.

Neither the publisher nor author shall be liable for any loss of profit or any other commercial damages, including but not limited to special, incidental, consequential, or other damages.

THIS BOOK IS AVAILABLE AT QUANTITY DISCOUNTS FOR BULK PURCHASES. EBOOKS ARE AVAILABLE AT www.lloydluna.com

ISBN: 978–971–93474–9–1 (Print)
ISBN: 978–971–95875–0–7 (Ebook)
Printed in the Philippines

Personal Development (Category)

# Dedikasyon

Para kay Erin Sky; na sana'y sa pangongopya ay hindi "masyadong" masanay.

*At para sa mga taong hindi naniwala sa kakayahan ko, minaliit ang talento ko, at patuloy na nagdududa sa potential ko. Sinabi ko naman sa inyo na kaya ko e!*

# Lamesa ng Lamang-loob


| | |
|---|---|
| *Paunang Salita* | 1 |
| 1st ½ of I Ah, pwedeng mangopya | 11 |
| 2nd ½ of I Kilalanin ang success | 17 |
| II Kilalanin ang sarili mo | 27 |
| III Hanapin ang mahal mo, mahalin ang meron ka | 37 |
| IV Gumawa ng paraan sa halip na magdahilan | 45 |
| V Magbigay sa halip na manghingi | 55 |
| VI Piliin at kunin ang the best | 67 |
| VII Ituloy pa rin kahit walang-wala ka na | 79 |
| VIII Gumawa ng sariling plano | 89 |
| *Pahabol na Salita* | 99 |
| *Pasasalamat* | 101 |
| *About the author* | 102 |

Paunang Salita

# Ano ba 'yang success na 'yan, sinong nag-imbento niyan at bakit sobrang common pero hindi naman lahat nagkakaroon?

BAKIT maraming tanong? Walang pakialaman. Kanya-kanyang trip 'yan! Salamat sa paghawak ng librong ito. Yung ma-convince kang bumili e success ang tawag dun kung hindi ka na-hypnotize. Nang ikaw ay mailabas mula sa sinapupunan ng iyong ina matapos ang more or less siyam na buwan, success din yun. Nanay at tatay mo (Your dad and your mom para sa mga kaibigan kong taga-La Salle at *The* Ateneo) ang nag-imbento ng success na yun (na inapprove naman ni Lord). Hindi lahat nagiging successful kase hindi nila talaga alam kung ano ang tunay na meaning ng "success."

Ikaw ang bida sa librong ito. Kaya wag mo nang isipin kung sino ang nag-imbento ng success. Malamang pag sinabi ko, hindi mo rin kilala. Good news is, kaya mong mag-imbento ng para sa 'yo.

Suspetsa ko, either binili mo 'tong book na 'to dahil may pambili ka (na first time mong ginawa sa buong buhay mo dahil sa sobrang pagtitipid), inagaw mo 'to (sa classmate mo na mas may capacity to buy kesa sa 'yo), hiniram mo 'to (at wala ka nang balak isoli), napanalunan mo 'to sa raffle (imbes na cake o stand fan) o pina-xerox mo 'to (dahil sa hirap talaga ng buhay). Just the same, you're holding a copy.

Sa loob ng walong taon kong pagsusulat ng libro at pagsubaybay sa mga taong nagbabasa nito, subok-subok lang talaga sa umpisa. Patikim-tikim kumbaga. Dito naman talaga nagsisimula—sa konti. Pansinin mo 'yung mga horizontally challenged (ito ang itawag mo sa matataba para hindi sila ma-offend kapag tinatawag mo silang mataba), nagsimula 'yan sa tikim e ginanahan kaya nagkaganyan. Same lang sa mga payat, nagsimula sa konting pag-skip ng meal kaya

hayan konting dekorasyon na lang pwede na silang saranggola.

Pero ganun yata talaga. Walang kasiguraduhang matatapos ang sinimulan. Hindi ka rin naman kase talaga sigurado if magkakaroon ng sense sa buhay mo kung magsisimula ka at itutuloy mo ang ‘yong inumpisahan. No wonder, kaya hindi mo talaga binibigay ang 100% mo. Sigurista ka.

Madalas sinasabi mong baka masayang lang ang oras at effort mo. Hindi mo ibibigay lahat pero kung makapag-expect ka gusto mo naman 100% ang darating sa ‘yo. Wag kang mag-alala. Long before na mahawakan mo ang librong ito, hindi na mabilang ang oras na sinayang mo. Hindi ka pa ba sanay? O baka hindi ka lang talaga aware?

Pero pwedeng totoo yun at pwede ring hindi. Kung iisipin mo, mas maganda na rin yung safe than sorry. Pero hindi mo rin ba napansin na lahat ng taong naging successful ay nagbigay ng higit 100% ng kanilang atensyon, oras, puso at kakayahan?

'Yan ang gusto kong ma-realize mo bago tayo pumalaot. (v. Pumunta sa mas malalim na bahagi ng dagat o "laot" mula sa dalampasigan). Pero wag kang literal na pumunta sa dagat. Pwede mo 'tong basahin kahit nasa bahay ka lang o nasa classroom at naghihintay sa prof mo na wala namang planong pumasok (pero magpapa-exam next meeting).

Ang point is, kung babasahin mo 'to, basahin mo nang buong puso. Ibigay mo ang lahat ng emosyon at pang-unawa na kelangan para magamit mo ang bagay na pinaghirapan mong makuha sa librong ito. Kumbaga, kung hindi rin lang bukal sa loob mo ang pagbabasa nito, e wag mo nang ituloy. Masasayang lang ang oras mo.

O, wag mo namang ibaba. Tampo kaagad? Hindi ka na mabiro. Ituloy mo pa rin ang pagbabasa. Sayang naman ang ipinila at ibinayad mo, di ba?

Very relaxing ang mga susunod na chapters. Matatawa ka at mapapaisip. Ako nga natawa habang sinusulat ko

ito e. Pag-uusapan natin kung paano ba talaga maging tunay na successful. May walong bagay kase na feeling ko alam na alam na ng lahat pero may duda ako kung narinig o nabasa mo na. Para sa mga alam na ang mga 'to, review na lang. Para sa first-timers, e di first time. Alangan naman i-review mo rin?

Sa mga susunod na pahina, malalaman mo rin kung successful ka na ba o hindi. Napakarami kaseng tao na successful na pero hindi pa nila alam. Kung hindi pa nasabi ng iba or nai-tsismis na successful na sya e, hindi pa niya malalaman.

Sasabihin ko rin sa inyo kung anu-ano ang batayan ng success at kanino nakadepende ang pagiging successful. Nung bata ka pa, alam mo kung ano ang success para sa 'yo. Kahit anong sabihin ng mundo, ang pangako ay pangako, ang pangarap ay pangarap, ang saya ay saya. Kilala mo ang sarili mo, hinanap mo ang mahal mo at minahal mo ang meron ka, gumawa ka ng paraan at hindi nagdahilan, nagbigay ka nang buong-buo, ginawa mo ang lahat ng iyong makakaya at alam mong may plano ka.

Alam mo, ikaw pa rin naman yung dating bata na yun e. Kaya mo pa ring magmahal, magbigay, magpatawad at gumawa ng plano para sa sarili mo. Ikaw pa rin yung dating batang may pangarap at naghangad na magtagumpay. Hindi ka masamang tao. Pwedeng nagkamali ka lang. Pwedeng marami lang nakialam.

Sa bandang huli, pwede nating ma-realize na meron na tayong samut-saring successes na kelangan na lang i-organize at palakihin. Sa totoo lang, wala naman kaseng nag-umpisa sa *finish line*. Kahit ang pinaka-magaling na manlalaro sa Olympics ay nagsisimula lagi sa *starting line*.

Ito ang *starting line* natin. Dito tayo magsisimula para hindi tayo pagtawanan ng mga critics natin. Sa dami ng skeptics ngayon, mabuti na ang mag-umpisa nang tama para hindi tayo mapagtawanan at mapahiya. If may chance kang makasali sa isang fun run (yung mga fundraising daw saka for a cause na activity), subukan mong mag-start sa Finish Line para maiba naman. I'm sure makakakuha ka ng attention pero it

will not change the fact na disqualified ka pa rin pagkatapos ng kumpetisyon. Masaya naman yun kase makakasalubong mo ang lahat ng kalahok. Kaway ka and say hi! O, 'di ba ibang-iba ka? Kaya wag nagpapaniwala sa kasabihang "dare to be different" dahil pwede ka ring maging "differently wrong."

Kung ito ang *starting line* natin, bago tayo tumakbo (wag literal na tatakbo habang nagbabasa ng libro dahil mahihilo ka, promise, wag mo nang subukan!), gusto kong malaman mo na hindi ka nag-iisa. May mga taong nasa tabi lang natin pero hindi natin nakikita. Hindi sila ligaw na kaluluwa kaya wag kang matakot. Wag ka na ring tumingin sa paligid mo ngayon dahil baka may makita ka nga. Ang kulit, sinabi nang wag maghanap e.

Ang ibig ko lang sabihin e kasama mo ako sa journey na 'to. Kasama mo ang mga taong kagaya mo, gusto ring umasenso. Kasama mo ang mga taong naniniwala sa kakayahan mo. At kasama mo si God sa paglalakbay mo. May kasama ka at kung hindi mo pa sila nakikita, hahanapin natin sila.

Kung meron kang gustong ma-achieve sa buhay mo, you owe it to your self and you owe it to the people who will help you along the way. Wag mong ipagkait sa sarili mo ang bagay na kaya mo namang makuha pero takot ka lang subukan dahil feeling mo nag-iisa ka at baka sa huli, papalpak ka rin lang.

Besides, pwedeng magkamali. Pwedeng pwede kang magkamali. Lahat naman tayo e nagkakamali. Kung paano ka lang magrerespond ang magsasabi ng susunod na mangyayari. Besides, kahit kaninong istorya ng world's best ang basahin mo, malalaman mo na nagkamali at nagkakamali rin sila. Mas maganda ring magkamali minsan para mas makita mo kung ano ang tama. Kaya nga inimbento ang eraser e at sa computer may "delete" at saka yung madalas mong gamiting *Ctrl+Z* or "Undo".

Sa buhay na ito, hindi mo kelangan ng perfecrt score. Kumbaga sa boxing, pagdating sa scorecard dapat mas lamang ka lang para panalo ka pa rin. In other words, dapat mas lamang ang successes mo kaysa sa failures.

It's always better to have more wins and fewer losses. 'Yan dapat lagi ang target.

O, baka matapos ko itong libro na puro *intro*. Basta mag-relax ka lang at siguraduhin mong hindi ka magka-cutting class or maga-undertime dahil dito. Baka ako pa sisihin mo pag bumagsak ka sa exam mo o sesantehin ka ng boss mo.

Let's do this. Kwentuhan kita tungkol sa pag-aaral, pangongopya at paggawa ng pera.

**LLOYD LUNA**
November 8, 2013
Makati City, Philippines

*1$^{st}$ ½ of* I

# Ah, pwedeng mangopya

KAHIT HINDI ako seryosong estudyante nung nasa PUP (Parang UP, Pwedeng UP, Pekeng UP, Purong UP, Posibleng UP) College of Engineering pa ako, madalas namang pasado ang grades ko. At hindi lang pasado. Maraming beses na perfect ang score ko. Malas na lang kung magkamali ako ng dalawa o tatlo. Hindi ko nga maintindihan minsan ang buhay. Sabi ko, "Lord, this is too much. Hindi po ako nag-aaral nang mabuti. Ni hindi ako nagre-review. Bakit naman po ang tataas lagi ng grades ko? Wag naman pong ganito."

Sa sobrang inquisitive ng utak ko (Wow, big word!), hinanap ko ang sagot. Ayun, nung i-compare ko ang result ng exam ko sa mga seatmates ko, pare-pareho kami ng score. Pati nga erasures pare-pareho rin e. Isa

sa amin ang nangopya at wag mo naman akong husgahan agad-agad.

Ang mahihirap na exam noon ang nagturo sa aking tumawag sa Maykapal. Habang nag-eexam, madalas akong tumingala, pumikit, at magsumamo sa Kanya, "Lord, please show me the answer."

Sa loob ng ilang segundo, imumulat ko nang dahan-dahan ang aking mga mata, titingin ako sa papel ng nasa kanan ko, at ayun, may sagot na. God always provided me with answers. Minsan tama. Minsan mali. At minsan nga lang talaga, nagdududa ako sa sagot ng katabi. Lalo na kapag pangit ang sulat niya. Kaya pala naimbento ang katabi natin sa kaliwa. Para may comparison ka. Pag magkaiba sila ng sagot, kinakausap ko sila nang hindi bumubuka ang aking bibig, parang ventriloquist lang. Sabi ko, "Pre, isa sa inyo e mali. Please, wag n'yo naman akong idamay."

Hindi mo rin ako masisisi kung umasa ako sa iba para lang makapasa. Sabi nga nila, "It's better to cheat than to repeat." Dati, tama yun. Pero nang mabuking ang

cheating sa board exam for nursing, nagbago ang pananaw. "It's better not to cheat because when you cheat and get caught, you will repeat."

Noong bata pa ako ang sabi ng titser ko, "Lloyd, 80% of knowledge is acquired through the eyes." Ayun, kala ko nasa katabi ko ang knowledge at kokopyahin ko na lang.

Pero alam mo bang hindi naman dapat ikinahihiya ang pangongopya? Itinatago lang natin dahil bawal pero hindi dapat ikahiya. Bakit? Simple lang. Ang pangongopya ay isang skill. Pinaghihirapan 'yan. Pinagpapawisan 'yan. Inilalabas niyan ang creativity mo sa paghanap ng sagot sa paligid mo within a given period. Ang hirap kayang mangopya! Papawisan ka rin, 'di ba? Kakabahan ka rin. Napansin ko nga na mas mahirap pang mangopya kaysa magreview e.

Ang buhay ay parang Math. Mahirap. Madali lang sana ang Math kung number lang. Kaso sinamahan nila ng letters. At hindi lang dinagdagan ng letter. Masaklap nito, pinapaalala pa lagi sa 'yo ang "x" mo.

Break na nga kayo, sasabihin pa sa 'yo, 4x + 3y = 10, find "x". Kinalimutan mo na nga. Naka-move on ka na tapos ngayon, hello, find "x"?

Ang buhay ay isang Mathematical equation. May mga "constant" tulad ng araw at gabi, tag-araw at tag-ulan. Pero meron ding variable. At ang sinosolve sa Math ay ang variable, hindi ang constant. Hindi ka lalapit sa titser mo tapos excited mong ipapakita ang papel mo at tuwang-tuwa ka pang sabihin, "Mam, nasolve ko na po yung constant!" Sa buhay, pinapaghirapan ang hindi "given."

Pero mahirap din talagang mangopya. Hindi naman lahat ng oras maganda ang sulat ng katabi mo. Minsan, hindi mo rin maiintindihan. O, sadyang hindi nya ipinapaintindi. Sasakit din ang mata mo pagbabasa ng sagot sa problem-solving at enumeration.

Besides, ang pangongopya ay ginawa halos ng lahat ng nauna pa sa atin. Oo, kahit itanong mo pa sa lolo't lola

mo. Sila man ay nangopya rin. May nahuli. May nakalusot. Siyempre mas maraming nakalusot.

Tuwing may seminar ako, nagsu-survey ako—estudyante, teachers, supervisors, managers, CEOs, madre, pari, pastor, at kung sinu-sino pang audience ko. Pinapatayo ko ang mga tao sa audience na never nangopya sa buong buhay nila. Sa tatlong taon kong pagpapatayo, wala pang sampu ang hindi nangopya. Sabi ko sa mga hindi nangopya, "Kawawa naman pala kayo. You've missed a lot of fun! You've missed the adrenaline rush!"

Kaya kapag nahuli ka ng titser mo at namiligro ang grades mo na para bang ibabagsak ka na, relax ka lang. Ngiti. Wag kang matakot. Lahat naman e pwedeng pag-usapan. Bulungan mo siya. Sabihin mo, "Mam, patawarin mo na ako sa pangongopya ko. Para namang hindi ka nangopya nung nag-aaral ka pa."

Nangopya rin ako dati. Halos lahat ng major subjects ko nalusutan ko dahil sa pangongopya. Pero may

isang bagay tungkol sa pangongopya na kelangan mong matutunan.

Pwede kang mangopya at pumasa. Halos lahat naman tayo nagagawa ‘yan e. Pero kung ako ang tatanungin mo, mas gugustuhin kong bumagsak at matuto. Hindi naman din kase tungkol sa pagpasa ang tunay na buhay. Lahat naman pwedeng pumasa. Pero, ‘di ba hindi naman lahat natututo? At kung sino lang ang natututo, sya ang madalas umaasenso.

Pagkatapos mong mag-aral sa school, lalabas ka at makikipagsapalaran sa buhay. Kung akala mo tapos na ang mga exams na ‘yan, sa tunay na buhay mas maraming exam ang naghihintay sa ‘yo. Oo, walang classcard or report card at hindi malalaman ng parents mo kung pasado o bagsak ka. Pero makikita sa buhay mo kung pumasa ka o hindi.

Kung sa school, nasanay kang mangopya para makapasa, sa tunay na buhay, hindi nakokopya ang solusyon sa problema. Ang solusyon ay personal. Hanggang kelan ka mangongopya?

2nd ½ *of* I

# Kilalanin ang success

AYAN may kotse 'yan. Siguradong successful 'yan. Ayun pa ang isa, may mamahaling hand bag. Saka yung kapitbahay din namin pala na may sariling mansion, successful 'yan. Nagtapos 'yan, magna cum laude, successful din 'yan. May latest model ng cellphone o, panalo 'yan. Ang gwapo ng BF o, tsk, successful.

Maniwala ka man o hindi (mas mabuting maniwala ka), napakaraming taong ang definition ng success ay nakadepende kung paano ito idini-define ng iba. Ibig sabihin, wala silang sariling sukatan ng tagumpay maliban sa kung ano ang nakikita nila sa iba. Samakatwid, nagiging successful lang sila once na makuha nila ang anumang meron ang iba.

Wala naman akong problema kung magkaroon ka ng mga bagay na meron ang iba. Cool nga yun e. Isipin mo pareho kayo ng kotse, ng hand bag, ng mansion, ng cellphone, at ng BF?! San ka pa?

Promise, wala talaga akong problema dun. Kaso lang, sigurado ka ba na successful siya dahil sa kanyang pag-aari? Lahat ba ng may kotse, may hand bag, may mansion, may cellphone, at may BF ay successful? E nung minsan lang may nakita akong snatcher na may hand bag, may cellphone, at may BF din e. So, paano yun?

Well, theoretically, "nagtagumpay" sila sa pagkuha ng mga bagay na 'yun dahil namaster na nila ang skill ng pagnanakaw. Pero kung ang definition natin ng success ay base lang sa kung ano ang meron ang iba, hindi tayo sigurado dyan. Maraming mayaman ang hindi masaya (at total failure ang relationships).

Manood ka na lang ng TV at tingnan mo ang showbiz balita, makikita mo kung sino at ilan sa kanila ang hindi nagtagumpay sa mga relasyon nila. Oo, sikat.

Oo, may pera. Oo, malaki ang bahay. Oo, malaki ang kita. Oo, parang walang problema. Pero kumusta naman ang pamilya? As in kumusta sila bilang tao?

Masaya sila? Pwede. Nagkamali ba sila? Pwede. Hindi ko sinasabing masamang tao sila, sinasabi ko lang na marami sa kanila e broken ang relationship. Palitan lang ng partner. At pwedeng sa iba pang aspeto ng buhay ay palpak sila big time sa kabila ng kanilang visible na tagumpay.

Therefore, kung ang sukatan mo ng success ay naka-depende sa kung ano ang definition dito ng ibang tao, hindi mo talaga nakukuha ang gusto mo. Nakukuha mo ang gusto ng ibang tao.

Kung ikaw ay isang ama na umuuwi sa bahay hindi dahil sa pinauwi ka ng misis mo kundi dahil masaya kang ginagampanan ang obligasyon mo bilang asawa at ama, successful ka kahit wala kang kotse. Although, aminin mo rin minsan na mas masarap ang feeling kung uuwi ka sakay ng minamanehong kotse.

Kung ikaw ay isang estudyanteng pumapasok sa school hindi dahil sa target mo ang makakuha ng dalawang “A”—hindi yung “A” as in mataas na grade—kundi allowance at attendance, kundi para ikaw ay matuto (hindi lang pumasa dahil magkaiba ang pumapasa sa natututo), successful ka kahit hindi ka *cum laude*.

Kung ikaw ay isang empleyado na meron lamang minimum wage pero seemingly napakarami mong trabaho sa kabila ng maliit na sweldo (na minsan ay nadedelay pa) subalit nakikita mo ang kagalakan sa iyong paggawa at hindi mo isinusumpa ang mga taong nagpapasahod sa ‘yo at nagpapakain sa iyong pamilya, successful ka kahit wala kang LV na bag (excuse me, hindi Louis Vitton kundi Lumang Vag).

Kung ikaw ay isang negosyanteng nagnenegosyo hindi lang para magkaroon ng malaking profit kundi para makatulong sa mga nangangailangan, kahit wala ka sa Forbes 100 imbes, napunta ka sa listahan ng Pobres 100 o isang daang pobreng negosyante, successful ka pa rin. Ang iyong intention na makatulong makes you

a real success kahit wala kang malaking mansion sa Forbes Park (dito nakatira ang mga tycoon at katabi ito ng ilang pang "villages" kung saan nakatira ang mga mayayamang negosyante at mga pulitikong naging mayaman dahil sa pera ng bayan at mamamayan).

Ok, puntahan natin ang mga pulitiko. Kung ikaw ay isang pulitiko na tumakbo at nanalo hindi para magkaroon ng yaman at kapangyarihan kundi para tulungan ang ating bayan, kahit wala kang maraming sasakyang may red plate o blue plate na ang number ay 8, successful ka pa rin.

Gusto mong maging beauty queen para sa fame and fortune? Mababaw. Kung yun din lang dahilan, pwede ka naman maging sikat at mayaman. Pero para saan? Para kanino? Gandang nakakapagbigay-sigla. Ang tunay na ganda ay ang gandang nakakapagbigay ng inspirasyon para sa iba.

Gusto mong magka-BF or GF dahil ang iba e meron na? Mababaw. Hindi sapat ang dahilan. Kung akala

mo e madali lang pumasok sa relasyon, tama ka. E paano ka lalabas pag hindi mo na kaya?

Ikaw, lalaki, kaya mo bang i-tolerate ang GF mo? Ikaw, babae, kaya mo bang intindihin ang BF mo? Dahil kung hindi mo kayang mahalin ‘yan bilang isang tao na may maganda at pangit na katangian, mag-isip ka uli dahil walang ibang ending ‘yan kundi masaklap na hiwalayan.

Magkaiba kaseng ginawa ang lalaki at babae especially sa brain system. Kaya madalas nagka-clash ang opposite gender at nagkakasundo naman ang magkapareho. Kapag hindi mo naintindihan ang difference na ito, mahihirapan ka sa lahat ng relasyon na involve ang opposite gender mo.

Paano nagwo-work ang utak naming mga lalaki? Ang utak ng lalaki ay compartmentalized. May mga kwarto. May mga kahon. Magkakahiwalay. Parang kulungan ng mga preso. Para sa amin, ang mga pangyayari ay may kanya-kanyang selda. Ang nangyari ng Monday ay walang connection sa

Tuesday. Lalo naman sa Wednesday. Ganundin sa Thursday. Wala din sa Friday o Saturday at Sunday. Ang nangyari dati (nung nangaliwa si lalaki) ay tapos na. End of story.

Hindi rin kami magaling sa pag-recall ng important events and dates kaya madalas nyo kaming inaaway pag meron kaming hindi matandaan. Importante sa amin ang mga moments pero nahihirapan kaming hanapin kung saang selda namin nailagay yun lalo na kung marami kaming naging ex. Malay ba namin kung alin dun ang para sa 'yo! E kung magkamali kami, e 'di away na naman! Kaya madalas, cautious kami. Tahimik lang. Less talk, less mistake.

Now, paano naman nagwo-work ang utak ng mga babae. Simple lang. Kung nakakita na kayo ng buhol-buhol na sinulid, ganun ang function ng utak ng girls. Oppppps, wag magagalit dahil ako'y may basehan. Scientific ito kaya magrelax ka lang. Kapag sinabing buhol-buhol, hindi naman ibig sabihin ay masama. Buhol-buhol lang.

So ano ang ebidensya? Para sa mga babae, ang nangyari ng Monday ay connected at related sa Tuesday. Lalo naman sa Wednesday. Ganundin sa Thursday. Connected din sa Friday o Saturday at Sunday. Ang nangyari dati (nung nangaliwa si lalaki) ay hindi pa tapos (at mukhang hindi matatapos).

Ito ang dahilan kung bakit kapag ang magkasintahan ay nag-aaway, ang babae ay hindi lang naghi-hysterical. Nagiging historical din sya. At lahat ng history at record ng lalaki ay muling mabubuksan at mapaguusapan.

Madali lang maging successful kung kilala mo ang success na hinahanap mo. Ikaw, ano ang definition mo ng success? It's about time na tigilan na natin ang pangongopya kung success din lang ang usapan. Kaya naman natin magkaroon sa sariling definition ng success e.

Halimbawa, ang definition mo ng "financial success" is magkaroon ka ng 500,000 sa banko. O, e di pag meron ka na nun, you can tell your self, "Ayan,

successful na ako." Hindi mo kelangang tapatan ang 1M ng kapitbahay mo. Ano bang mapapanalunan mo tuwing natatapatan mo yung meron ang iba? Sige nga? Mananalo ka ba ng electric stove man lang?

Halimbawa, ang definition mo ng "academic success" is matutuo ka talaga. So, hindi mo tatargetin yung pumasa lang o kaya e maging *cum laude* dahil magaling kang magmemorize. Aanhin mo naman ang honor na 'yan kung alam mo sa sarili mo na hindi mo rin naman magagamit at eventually hindi mo mapapanindigan at mapapahiya ka lang.

Don't get me wrong. Hindi ko dini-discourage na maging mayaman o makatapos bilang *cum laude*. Consistent honor student din naman ako from elementary hanggang high school. Kung 'yan ang personal na definition mo ng success, e di sige, by all means, pwede mong gawin 'yan.

Basta eto ang point: Ang tunay na successful, may personal na definition ng success.

II

# Kilalanin ang sarili mo

MAY narinig ka na bang "Kilala ko ang sarili ko!"? Madalas nasasabi 'yan kapag ang isang tao ay sinisiraan o kaya naman e nasa sitwasyon sya kung saan siya ay nadedehado o nalalamangan. Kapag nagsabi ka nyan, chances are, gusto mo lang i-assure ang buong universe na OK ka lang at kaya mong i-handle ang sitwasyon pero hindi ibig sabihin kilala mo nga ang sarili mo.

O, baka magtampo ka na naman. Relax. Ipapaliwanag ko. Madali lang namang malaman kung ano ang totoo. Tanungin mo lang sarili mo kung OK ka lang ba, I'm sure sasagot siya ng oo o hindi. Madalas lang talaga, may cover up na nangyayari. Sa proseso ng pagpapaganda or pagpapamacho effect, sasabihin nating OK kahit hindi naman. Madalas tuloy hindi

tayo nakakatanggap ng tulong. Nasa positive thinking na ako pero, hello, minsan mas kelangan mo ang lakas ng loob na aminin ang totoo.

Kilala mo ba talaga ang sarili mo?

Yung birth certificate mo ang magsasabi kung ano ang pangalan mo. Ang death certificate mo ang magsasabi kung naging makabuluhan ang pangalan at pagkatao mo. Importante ang pangalan. I'm sure hindi mo nakakalimutan 'yan. Magtataka ka lang kung bakit minsan may nagpapakilala sa 'yo nang ganito: "Ako *nga pala* si Tomas." Minsan gusto kong matawa pag naririnig ko ang ganitong klase ng introduction. Sa isip-isip ko, "Ano 'yun, nalimutan nya?" Buti naalala niya agad!

Pero baka sa sobrang dami ng demand ng buhay, kahit na ang pangalan natin ay nakakalimutan na natin. Maraming nagsasabi napakaikli raw ng oras at napakaraming trabaho. Sang-ayon naman ako doon. Pero hindi naman ibig sabihin na marami kang trabaho, tamang trabaho ang ginagawa mo e. Sa totoo

lang maraming tao ang busy—busy sa maling trabaho—madalas nga if hindi mo trip ang isang invitation, sasabihin mo busy ka kahit hindi naman.

Bakit ko alam? Aba, syempre dahil ginawa ko rin ‘yan! Basta ayaw kong magpa-abala, alam na ang idadahilan. Sasabihin ko lang na wala akong time, lusot na.

Sa proseso ng pagiging busy, minsan may isang tao kang nakakalimutan—Very Important Person. Nakakalimutan mo ang sarili mo.

Bibigyan kita ng example na either na-experience mo na or na-experience na ng iba.

Madalas mong naririnig galing sa mga bolero mong manliligaw, “You complete me.” Sa loob-loob ko lang e, endorser lang ng *Centrum*? O kaya naman, “Kapag sinagot mo ako ng “oo,” gagawin ko ang lahat ng gusto mo.” E sagutin mo kaya tapos sabihin mo sa kanya, talon siya sa tulay. O, ‘di ba hindi naman siya tatalon?

Pero hindi lahat ng babae ay nag-iisip nang mabuti. Tiwala akong marami ang nabibiktima ng efforts at sweetness at libreng movies at chocolate kisses. Marami ang nabibiktima ng libreng pamasahe sa jeep. Minsan nga nabigyan lang ng Ferrero e, dami ng kilig. If hindi mo alam kung ano ang Ferrero, basta hindi siya yung Ferrari. Baka akala mo kinilig dahil binigyan ng kotse. Chocolate brand 'yan na mabibili sa lahat ng leading supermarket and convenient stores nationwide.

O, heto na. Nasa loob na kayo ng isang relasyon. Grabe ang saya. Hindi ka makatulog. Hindi ka makakain. Hindi ka mapakali. Tagyawat dumarami. Hindi ka makagawa ng assignment. Naparalyze ka na. Bigla ka na lang kumakanta. Buti sana kung ang boses mo ay maganda. Bigla na lang natutulala. 'Pag nakikita mo siya, nagsslow-motion ang mundo mo. At ang audio, ayun, naka-mute.

Makalipas ang ilang linggo o ilang buwan o ilang taon, ayun, break na. At dahil sa nawalan ka ng sense of priorities and love-and-life balance, feeling mo

pinagsakluban ka ng langit at lupa. Feeling mo pasan-pasan mo ang daigdig. Ang bigat. Ang sakit. Hindi ka makahinga.

Kadalasan sa proseso ng isang relasyon, the more you give, the more you lose. Hindi ito ang tamang pagbibigay. Sa sobrang pagbibigay mo minsan, ikaw ang nauubusan at naiiwang luhaan. Sa sobrang dami ng binigay mong time sa kanya, nawalan ka na ng time at pagmamahal para sa sarili mo. 'Yan tuloy, dumarating ang oras na sasabihin mo, "Hindi ko na kilala ang sarili ko!"

Kaya naman lagi kong sinasabi, "Bago ka pumasok sa isang relasyon, siguraduhin mong kumpleto ka para kung maghiwalay man kayo, kumpleto ka pa rin."

Hindi ka lang naman sa love life nangyayari 'yan e. Napakaraming pagkakataon na sa sobrang dami ng demand ng buhay, ayun, talagang nakalimutan mo na kung sino ka talaga. Dati, ang self-esteem at self-confidence mo, ibang klase ang level. Kung makakanta ka sa umaga, feeling mo natutuwa ang

mga nakakarinig sa 'yo. Pero kakanta ka pa rin because somehow you're able to express your self through the songs that you sing. Nung bata ka pa, grabe ang sayaw mo. Hataw! E ngayon, kapag may Christmas Party, ayaw mo nang sumayaw kahit pa bigyan ka ng P500. Natuto ka na yatang mahiya. O baka naman ang self-confidence mo ay nawala.

Maniwalaka ka man o hindi, ang self-confidence ay unang narinig noong taong 1609. Pano ko nalaman? Simpleng Google lang 'yan. Sa pag-aaral ko, natutunan ko na ang self-confidence ay nagsisimula sa sarili. So, therefore, kung wala ka sa sarili mo, hindi ka pwedeng maging confident. Bakit? Para maging confident ka, kelangan mo ng dahilan. Kung wala kang dahilan, yabang ang tawag dun.

Magiging confident ka ba kung alam mo sa sarili mo na wala ka naman talaga? Napagtripan mo lang umakyat ng stage at kumanta o sumayaw o tumula.

Sa dami ng demand ng buhay, talagang kulang na kulang na ang oras para bisitahin ang sarili natin at

kumustahin siya. So, nagiging props na lang pala ang mga katawan natin. Kumbaga, pagandahin mo na lang katawan mo o daanin mo na lang sa makeup ang ganda mo. May *Photoshop* naman e so pwede kang maging maganda at sexy for free.

Pero deep inside, wow, you're so lost. Ni wala ka nang idea kung ano ang kaya at hindi mo kayang gawin. You become so uncertain about who you are to the point na hahanapin mo sa iba kung sino ang dapat na ikaw. Nagsimula ka nang magduda sa sarili mo.

Kaya maraming sumisikat na artista. Tinatangkilik natin sila dahil yung dapat sana na tayo, sila na yun. Manood na lang tayo. Pakinggan na lang natin sila. Kumbaga, since feeling natin hindi na natin kayang abutin ang mga pangarap natin, hangaan na lang natin ang mga nakakuha na nun. Mas madali siguro kapag ganun.

True enough, maliit lang ang entablado at konti lang ang taong kasya rito kumpara sa mga upuan na nasa

harap nito. Mas maraming humahanga kaysa hinahangaan.

Hindi masama para sa hinahangaan. Tingin ko they deserve that. Pinaghirapan naman nila yun kaya sila nandun. Pero hanggang saan ka dadalhin ng paghanga mo? Hindi masamang humanga pero habambuhay ka na lang bang hahanga? Wala ka bang planong maging isa sa kanila? Hindi mo ba naisip na pwede ka ring maging inspirasyon para sa iba? O baka naman nawalan ka na talaga ng pag-asa.

Pansinin mo ang mga taong hinahangaan mo. Makikita mo na kilala nila ang kanilang sarili. Alam nila ang ginagawa nila, ang kaya at hindi nila kayang gawin. Kabisado nila ang skills nila. Malinaw sa kanila ang roles nila. Alam nila ang strengths and weaknesses nila. Aware sila sa ginagawa nila at alam nila kung saan nila gustong magpunta.

Kaya confident sila. Dahil alam nila. Kung hindi mo kabisado ang sarili mo, pwedeng maging mali ang perspective mo. Madalas, ang opinyon ng iba ay

opinyon mo na rin. Wala ka nang sariling disposisyon.

Do revisit your self. Kumustahin mo lang siya. Nami-miss ka na niyan. Siya ang dating best buddy mo na tumulong sa 'yo sa recitation nung tinawag ka ng teacher mo. Siya yung tumulong sa 'yo nung gumuho ang mundo mo. Siya ang hindi bumitiw sa 'yo nung wala kang ibang matakbuhan dahil lahat ng kaibigan mo ay nagtakbuhan na. Siya yung kasama mo sa kwarto mo nung umiiyak ka habang yakap ang unan na matagal mo nang hindi nalalabhan o naibibilad man lang sa araw.

Wag mong pabayaan ang sarili mo. Nag-iisa 'yan. Kilalanin mo siya at masusurpresa ka, marami ka pa palang kayang gawin.

III

# Hanapin ang mahal mo at mahalin ang meron ka

NORMAL na sa tao ang ma-fall in love. Pati siguro yung mga single at nag-decide na tumandang mag-isa, nahulog din ang loob. Sa tingin ko, mas mabigat lang ang dahilan nila kaya sila nanatiling dalaga o binata. Walang masamang ma-in love. Ang tanong lang naman ay kung saan ka dinadala ng love story mo.

Maraming love story sa mundo. Yung iba nga hindi kapanipaniwala e. May nagki-claim na love-at-first-sight (of course hindi applicable sa mga bulag) at yung iba naman ay napakahahabang negosasyon.

Mahalagang makita kung sino ang tunay na mamahalin at mahalagang mahalin ang taong sa buhay mo ay dumarating.

Pero ang success, ganun din. Kung gusto mo talagang magtagumpay, walang ibang paraan kundi magpakasal ka sa trabaho o negosyo na mahal mo. And success sa business at sa career ay isang commitment na hindi pwedeng basta-bastang sirain.

Sa palagay ko may mali sa kasabihang, "Ang pag-aasawa ay hindi parang kanin na isusubo at iluluwa kapag napaso." Una, hindi naman kanin ang asawa mo. Pwedeng hot sya pero hindi sya kanin. Ang point is, commitment is not as easy as it seems.

Sa college, pakasal ka sa kursong mahal mo. After college, yung trabahong mahal mo. May dalawang klaseng kurso sa college. May dalawang klase rin ng hanapbuhay pagkatapos mo sa college. Una, kurso o hanapbuhay na *kelangan* mong kunin o gawin. Ikalawa, kurso o hanapbuhay na *gusto* mong kunin o

gawin. Anong pinagkaiba nung dalawa maliban sa alam nating magkaiba sila talaga?

Kapag ang isang bagay ay ginagawa mo lang dahil kelangan mo, *hirap-buhay* ang tawag dun dahil magiging mahirap talaga ang buhay para sa 'yo. Ito yung parang ikinasal ka sa isang taong hindi mo naman talaga mahal. Napanood mo na 'to sa pelikula dati kaya may idea ka na kung paano ito nangyayari.

Kung ang isang bagay naman ay ginagawa mo dahil ito ang gusto mo talagang gawin, *sarap-buhay* tawag dun dahil lahat ng maa-achieve mo e napakatamis at mas magiging madali ang buhay para sa 'yo. Sa puntong ito, mas magiging madali sa 'yo ang pagtanggap ng mapapait na katotohonan sa buhay. Mahirapan ka man, sulit naman.

Ang ibig sabihin ng hanapbuhay ay paghahanap ng ikabubuhay. Kung feeling mo, unti-unti kang namamatay sa ginagawa mo, hindi ka naghahanap ng buhay. Naghahanap ka ng ikinamamatay. Sa araw-araw ba namang ginawa ng Dyos e pumasok ka sa

school o sa trabaho na hindi mo gusto, matutuwa ka ba? Dagdagan pa ng prof mo na hindi na nga pumapasok, ang baba pang magbigay ng grades. Dagdagan pa ng boss mo na walang ginawa kundi isisi sa 'yo lahat ng failures niya at ipagawa sa 'yo ang mga trabahong dapat siya ang gumagawa.

O sige nga, nasaan ang buhay dyan? Stressful ba? Oo naman. Can stress lead to death? Naman. So, hindi hanapbuhay kapag ganyan. *Hanapatay*.

Well, yung iba na-master na ang pagpapakalma sa sarili. Sinasabi na lang nila, "E ganito talaga ang buhay, parang life." Sabay ngiti. Pero ramdam mo ang tampo niya sa buhay.

Yung iba naman, iba ang diskarte. Sinasabi nila, "Kung may choice lang akong iba… Wala sana ako rito!" Ayun na nga ang point ko, it seems to me like wala ka namang ibang choice so ano pang problema? Kung wala ka naman palang ibang choice, that leaves you with only one option. You need to live with that.

At kung ayaw mo, e 'di kelangan mong magkaroon ng ibang options. Hangga't hindi ka pa nakakagawa ng ibang options, magrelax ka lang dyan at tanggapin mo ang katotohanan.

Mahalin mo kung ano ang meron ka.

E paano naman kung hindi ko mahal ang meron ako. Kelangan pa rin bang mahalin? Kung hindi mo planong forever mong gagawin 'yan, sure, mahalin mo. Minsan nga hindi mo naman kelangang directly mahalin 'yan pero kung nakikita mo ang opportunity na nakakabit dyan, mahalin mo 'yan.

Ang paglalampaso ng sahig ay maaring hindi lovable na trabaho para sa maraming tao. Yung trabaho nga ng security guard, mahirap e. Powerful ka lang kase No ID, No Entry pero stressful pa rin. E paano kung 'yan ang unang step para maging presidente ka ng kumpanya at magmay-ari ka ng sarili mong security agency? By all means, mahalin mo 'yan. May itinuturo sa 'yo ang bawat paghihirap mo.

Tandaan mo, walang taong nag-suffer sa pag-abot ng kanyang pangarap dahil ang suffering nya ay katumbas ng isang piraso ng puzzle na bubuo ng kanyang pangarap. Kung gusto mong magtagumpay, suffering is not an option but a spirited decision.

Ang passion, hindi lang kagustuhan kaya pag narinig mo advice na, "You have to be passionate.", it doesn't mean your journey will be a walk in the park. It means pains and sufferings. Ang passion o pasyon ay pagpapakasakit. If hindi ka ready na magpakasakit, hindi ka rin ready sa success.

Ang classmate or officemate mo na bully, kelangan mo rin bang mahalin? Oo naman. No way? Kelangan mo syang mahalin. Naging bully 'yan dahil walang masyadong pumapansin at nagmamahal sa kanya. One day, magbabago 'yan. Baka nga ang pang-unawa mo ang pwedeng maging simula ng kanyang pagbabago. Baka dahil sa kabutihan mo, marealize nya na mas cool maging mabuti.

Napakarami namang assignments. Mamahalin mo? Oo naman. Hindi lang naman ikaw ang binigyan nyan. Lahat naman kayo sa klase. Besides, may option ka bang hindi gumawa? Oo naman. Yun nga lang, babagsak ka. So bakit mo kelangang mahalin? Dahil yun lang ang paraan para maging madali sa 'yo ang kung anuman ang ginagawa mo.

Gutom. Kelangan din pati gutom, minamahal? Oo naman. Tandaan mo, kung hindi ka gutom, wala kang ganang kumain. Maraming mga tao, nakikita ang pagkain bilang isang blessing. Tama naman yun. Pero hindi ba ang gutom ay blessing din? Kung hindi ka gutom, hindi ka kakain.

Mahalin mo ang mga pagkakataon na nagugutom ka dahil sa mga pagkakataon na ganyan, nagkakaroon ka ng chance na tumawag at magpasalamat kay Lord. Kung hindi ka pa nagutom, hindi mo pa naisip ang Dyos.

Kapag tayo kumakain, minsan napapagusapan na bawal magtira dahil marami raw ang nagugutom sa

Mindanao. Kalokohan ko minsan sinasabi ko, “Eto o, pakidala sa Mindanao.” Ayaw naman nilang dalhin.

Pahalagahan mo ang nasa mesa. Hindi lahat may opportunity na makakumpleto ng meals. Naka-chicken joy ka na, magrereklamo ka pa. Isipin mo rin na yung chicken joy na kinakain mo, hindi masaya nang i-prito sya pero dahil sa pagkamatay nya, nakakain at nabusog ka.

Mahalin mo kung ano ang meron ka. Hindi mo alam kung hanggang kailan mo ‘yan makakasama.

IV

# Gumawa ng paraan sa halip na magdahilan

KAIBIGAN, hindi naman talaga problema kung meron ka o wala. Ang tanong lang naman e kung may ginagawa ka. Oo, madali lang magdahilan. Madali lang magreklamo. Kahit sino hindi mauubusan nyan. Besides, sanay na sanay na tayo dyan. Kung pagdadahilan lang ang susi ng tagumpay, malamang lahat tayo successful na sa buhay.

Pero hanggang kailan ka magdadahilan? Hanggang kailan mo sisihin ang aso ng kapitbahay mo kaya ka bumabagsak sa exam, o ang tamad mong prof kaya wala kang maayos na trabaho, o ang corrupt ng pulitiko kaya puro pimples ang mukha mo? Kung gusto mo talagang maging successful, hindi ka magdadahilan. Sa halip, gagawa ka ng paraan.

Kaibigan, kaya mong gumawa ng paraan. Baka naman tinatamad ka lang.

Sa aking paglalakbay sa buhay, hindi ko na mabilang kung ilang beses akong nagbigay ng excuse para lang makalusot. Siguro may isang daan o mahigit na excuse letters ang naibigay ko sa school para lang hindi ako makapag-exam. Hindi ko na rin nabilang ang mga pekeng medical certificate na inabot ko kay mam para lang hindi ako makapag-garden o makapaglinis ng CR o makapaglampaso ng sahig.

In fairness, nag-work naman. Marami akong nalusutan at sa totoo lang, masarap ang feeling ng nakaka-isa. Sabi nila e nakakagulang.

Nung bata pa ako, natatandaan ko ang mga grades ko sa art projects. Medyo mababa. Well, mataas na ang 90% kaso yung mga classmates ko e 95% at saka yung iba 98%. Kapag umuuwi ako, minsan sinasabi ko na lang, “Mababa po ang grades kase yung pangkulay ko

e walong piraso lang. Wala akong laban sa mga classmates ko na may 32 at yung iba, 64 colors pa."

Hindi ko naisip noon na kapag ang kulay green ay pinatungan mo ng yellow, magkakaroon ka ng yellow green o patungan ang red ng orange para makagawa ako ng red orange.

Sa halip na umisip ako ng paraan para tumaas ang grades ko, ini-justify ko na lang kung bakit mababa at isinisi sa *Crayol*a ang aking kapalaran. Kung nakakapagsalita lang ang *Crayola*, baka sabihin nya, "Ano bang problema mo? Napudpod na nga ako, ako pa ang sinisi mo? Palit tayo ng pwesto. Ikaw kaya dito!"

Kulang ang crayon ko. Puyat ako. Wala ako sa mood. Masama pakiramdam ko. Wala akong time. Next time na lang. Imposible 'yan. Wala namang mangyayari dyan. Mahirap lang ako. Broken kase family ko. Taga-probinsya kase ako. Bulok kase ang sistema ng gobyerno. Bagsak kase ang ekonomiya. Kurakot kase ang mga pulitiko. Traffic. Namatay ang pusa ko. Tahol

nang tahol ang aso ng kapitbahay ko. Ang lakas magpatugtog ng karaoke ng kapitbahay ko.

Sa totoo lang, mas madaling magdahilan kesa naman mag-isip pa ng ibang paraan. Kadalasan, sinasabi ko na lang na wala nang ibang paraan para tapos na ang usapan.

Bata pa ako, na-master ko na ang skill ng pagtakas at skill ng paghahanap ng mali sa iba. Hindi ko sisihin ang sarili ko sa failure ko. Hahanap ako ng ibang pwedeng sisihin. Masarap kase ang pakiramdam nga wala kang kasalanan dahil naipasa mo na sa iba e. Kumbaga, ang huling tao na dapat nagkamali ay ako. Hangga't may masisisi ako, sisisihin ko.

Isang araw habang kumakain ako ng Boy Bawang, natanong ko sa sarili ko (hindi masyadong malakas kase hindi talaga magandang tingnan na kinakausap mo sarili mo especially sa public place), saan ako dinadala ng paninisi ko? Anong nagagawa sa buhay ko ng mga excuses ko? Umuunlad ba ako tuwing makakahanap ako ng excuse o tao o sitwasyon na

sisisihin ko? Nadadagdagan ba ang pera ko sa alkansya o sa bangko tuwing makakalusot ako? Napo-promote ba ako dahil sa mga reklamo ko?

Siyempre, hindi. Mahirap tanggapin yun kase totoo. Pero kelangan kase yun ang totoo. Tuwing gagawa ka ng dahilan para pagtakpan ang iyong kapalpakan, hindi mo talaga binibigyan ng solusyon ang problema. Itinatago mo lang ito hoping na wag na uli itong lumabas at hindi na magpakita. Yun nga lang talaga ang problema. Sooner rather than later, lalabas uli ang problema at malamang sa hindi, hahanap ka na naman ng dahilan.

Sa ilang taon mong paglalakad sa ibabaw ng mundo, na-master mo na rin ang skill ng paggawa ng excuses. I'm sure, marami ka nang nalusutan.

Isa sa mga gamit na gamit na excuse ng mga talunan sa buhay yung "wala kaming resources." Sa unang tingin, legitimate naman yung concern. E, sa wala tayo e, anong magagawa natin? Nakakalungkot lang, maraming mga tao ang tumitigil na dun.

Ipinanganak akong mahirap. Wala akong background sa business. Wala akong pera. Wala akong alam dyan. Wala akong interest. Walang susuporta sa akin. Walang maniniwala sa akin. Wala akong computer. Wala akong laptop. Wala akong opisina. Wala akong puhunan. Wala akong makitang perfect for me.

May problema ba? Wala. Bakit? Wala e. Ayun nga lang, after ten long years, so far ang nakuha nya sa buhay ay wala. Bakit? E lahat na lang ng dahilan mo e wala, wala, wala e.

Nagsimula ako ng negosyo ko. Website. Taong 2005. Maganda ang kita. Actually, kaya ko pinagaralan ang paggawa ng website, kelangan ko kase ng pera para maimprinta yung kauna-unahang libro ko. Bakit ako ang magpapaimprinta? Lahat kase ng publishing houses na pinuntahan, ni-reject ang manuscript ko. Saklap, 'di ba? Honestly, hindi ko inasahan na magiging ganun kasungit sa akin ang pagkakataon. Sa dami ng nilapitan ko, walang naniwala. Oo, syempre

nanay at tatay ko todo pag-cheer. “Mom, Dad (naks), Cheering is good,” sabi ko, “but I need cash!”

Mga two weeks din siguro akong nagpuyat para matuto. Walang ibang nagturo sa akin. Hindi ako magaling, pero nadaan sa tiyaga kaya natuto. Yun nga lang. Wala akong resources. Mantakin mo, magsisumula ako ng website business, ni wala akong Internet connection, wala akong telepono, at wala akong fax machine. Wala sigurong matinong tao na magsisimula ng negosyo na wala yung primary needs. Pero sabihin mo nang hindi ako matino. Would it even matter now? It didn’t matter then. It doesn’t matter now. It won’t matter any time soon.

Ang totoo nyan, wala akong resources at alam ko yun. Per matino ako. All the more na kelangan kong maghanap. So, instead na magmukmok, ginamit ko ang computer cafe bilang opisina. P30 pa ang rent nun per hour. May fax machine din sa kanila. P10 per page. Sa sari-sari store naman ako nakikitawag. P5 per three minutes of call naman.

Wag nating gawing complicated ang issue. Ang problema ay hindi yung kawalan ng resources kundi kawalan ng resourcefulness.

Besides hindi kasiguraduhan na kapag may resources ka, automatically magtatagumpay ka. Marami dyan binigyan ng resources, ipinanganak na mayaman, kumpleto sa suporta pero hindi nagtagumpay. Drug addict na nga e. Marami dyan sa tabi-tabi, may pera nga pero madalas nalulugi. Maraming mahirap na yumaman at naghirap uli. Marami ang binigyan at nawalan at binigyan uli at muling nawalan.

Frustrating ba minsan? Actually, madalas. Minsan nga hindi mo na alam kung saan ka nagkukulang e. Pero hindi lang talaga katanggap-tanggap sa akin ang excuses na noon pa man, gusto nating paniwalaan.

Nang isilang ka sa mundong ito, laking tuwa ng magulang mo. Pero nung lumalaki ka na, natutuwa pa rin ba sila? Natutuwa o hindi, ibinigay naman sa ‘yo ng kakailanganin mo sa abot ng kanilang makakaya.

Sobrang talino ng Dyos nang likhain Nya ang tubig, ang hangin, ang lupa, at iba pa. Hindi mo lang minsan mapagtahi-tahi kung paano mo gagamitin ang mga resources na nasa harap mo lang dahil obviously mahihirapan ka. At ayaw mo nun. Gusto mo relax lang. Gusto mo cool lang. Gusto mo lapitan ka lang ng swerte. Gusto mo e naghihintay ka lang ng biyaya bilang tambay.

No wonder, konti lang talaga ang nagtatagumpay sa buhay. Habang ang marami ay nakatambay, may mga taong gumagawa ng paraan para magtagumpay.

Alam mo, hindi masamang tao ang karamihan sa mga naghihintay. Pero ang tagumpay ay nangyayari lang kung ikaw ay gagawa ng paraan sa halip na tatambay at magdadahilan.

V

# Magbigay sa halip na manghingi

ILANG beses kang nanghingi ng papel sa katabi mo nung nag-aaral ka pa? O, see? Kagaya mo, nakalimutan ko na rin kung ilang beses kong minadali ang katabi ko para hatiin ang papel nya dahil nagbigay ng surprise quiz ang titser namin.

Ilang beses ka nang kumuha ng mga bagay na libre? Tumambay sa mall para sa mga *free taste* ng wine? Ng bagong flavor ng *Tang*? Ng bagong labas na tinapay? Ng payong mula sa *Credit card* company?

Marami na, 'di ba? Pano ko na naman nalaman? E, ginawa ko rin 'yan. Lahat ng makukuha ko nang libre, kukunin ko. Basta libre, payag agad. Hindi na pinag-iisipan 'yan.

Hindi naman totally masama ang libre. Yun nga lang, ang libre ay nakakababa ng self-esteem. Paano? Madalas kapag kumukuha ka ng libre, sinasabi mo sa sarili mo, "Hindi ko kayang bumili."

Masakit yun pero many will still go for libre. Sabihin nyo nang hindi ko afford, basta libre, go lang. Ipu-push talaga 'yan.

E bakit ganun? Dahil ganyan tayo hinubog ng ating lipunan. Patronage. Big word. Ano nga bang meaning nyan? Wait, bigyan mo ako ng time. (5 minutes later)

Hindi ko makita ang meaning, hulaan ko na lang. Basta parang pagtangkilik yata, meaning kelangan mong suportahan kung anuman yung interest nya para suportahan nya ang interest mo.

Madalas nangyayari ito sa politics. Hingi tayo nang hingi sa mga pulitiko as if sila ang ating "mesiah". Bibigyan ka naman nila provided na susuporta ka.

Sabagay sa produkto naman ganun din. Basta maging loyal customer ka lang, may discount ka o rebate na tinawatag. Maraming mga tao hindi alam ang meaning ng rebate pero since maganda namang pakinggan, sige apply lang ng Advantage card, Suki card, o Laking National.

Pero kung iisipin mo, life is simply a trade of value. Kapag ito, hindi mo naintindihan, mahihirapan kang intidihin kung bakit ang ibang tao ay mas nakakalamang kaysa sa 'yo kahit feeling mo, ikaw ay di hamak na mas gwapo at mas matalino.

Kapag sinabing trade of value, simple lang 'yan. Ano ang ibibigay mo para makatanggap ka ng kapalit?

Meron akong isang kasabihang hinding-hindi ko makakalimutan. Ang sabi, "The process of receiving starts the moment you give." Naiyak ako nang marining ko 'yun hindi dahil napakaganda na kasabihan kundi dahil English. Hindi ko masyadong na-gets. But sa katagalan, naintindihan ko na.

Hindi pala dapat malaking issue kung ano ang tatanggapin mo. Ang issue pala ay kung ano ang ibibigay mo. Hindi ka pala makakatanggap kapag hindi ka nagbigay.

Kapag pumunta ka sa isang tindahan, hindi ka bibigyan kung wala kang ibabayad. Kung uutang ka naman, ang assumption is meron ka pa ring ibibigay later. Sa trabaho ganun din. Hindi ka naman bibigyan ng sahod before ka mag-work. Trabaho muna bago ka makatanggap ng sahod. Sa school ganun din. Aral muna, kopya, at pakitang-gilas bago makatanggap ng grades.

“Bago ka umani, kelangan mong magtanim,” wisdom galing sa mga magsasaka. “Kelangan mong pumalaot bago ka mahuli ng mamahaling isda,” sabi ng mangingisda. “Manligaw ka muna bago kita sagutin,” sabi ng feelingerang girl. “Magturo ka muna, bago ka sumahod,” sabi ng mga titser.

So kung natural law din lang ang pag-uusapan, kitang-kita mo na tatanggap ka lang kapag ikaw ay nagbigay.

Sa unang tingin, madali lang. Magbibigay lang pala e. Pero mahirap magbigay if hindi ka trained na gawin yun. Ang greed ng tao nandyan lang. Madaling ma-trigger. But the truth is, imposibleng magbigay kung wala kang ibibigay. Kapag ganito ang sitwasyon, wag kang umasa na may matatanggap ka.

Eto ang mga eksana. "E magturo ka muna nang maayos para ganahan akong mag-aral," sabi ng isang smart na estudyante. "E taasan mo muna sahod ko para gandahan ko ang trabaho ko," sabi ng isang smart na empleyado. Sabi naman ng titser mo, "Mag-aral ka nang mabuti para ganahan akong magturo." Sabi ng boss mo, "Gandahan mo muna ang trabaho mo para itaas ko sweldo mo."

Sa school pa lang, inuumpisahan mo na ang training kung paano magbigay. Pero hindi yun ang nangyayari.

Gusto mo kase ibang tao ang mauna. Gusto mo kase laging ikaw ang nakakalamang.

Kelan ka huling nagbigay ng oras mo para i-develop ang craft mo? Yung tipong pinag-aralan mo talaga. Kelan ka huling nag-contribute sa group mo? Yung hindi ka nagpasaway. Kelan ka huling nagbigay ng tamang attention sa trabaho mo? Yung hindi ka nagbilang ng trabaho. Kelan mo huling sinorpresa ang mahal mo? Kelan ka naglaan ng oras para mag-tutor sa anak mo? Kelan ka nagbigay ng commitment sa business mo? Kelan ka naglabas ng pera para mag-umpisa ng maliit na negosyo?

Hindi mo na matandaan kase matagal na. Tapos ngayon maghahanap ka ng kapalit e hindi ka naman pala nagbigay?

Sa totoo lang, ang makukuha mo sa buhay ay depende lang sa kaya mong ibigay.

Pero marami na rin ang tumanggap at nagkaroon. Nakakalungkot lang minsan ang akala ng maraming

tao, nasusukat ang tagumpay sa kung anong kayang bilhin ng kanilang pera. Masyadong materialistic.

Kaya naman kahit wala nang pambili ng bagong cellphone, sige lang, may 5-6 naman dyan. O kaya, by December naman may 13th month pay ako, so okey lang bili na rin ako ng mamahaling cellphone, bag o sapatos. Yung iba nga bibili ng kotse pero araw-araw de lata ang ulam pag-uwi sa inuupahang bahay.

Hindi ko ugaling manghusga. Naniniwala sa kasabihang, "Don't judge a book if you're not a judge." Ano raw? Well, even if you are a judge. Still don't judge the book. Cover it. Pero kung ang possession mo lang ang ginagawa mong sukatan ng iyong tagumpay, pwedeng marami ka ngang pag-aari pero malaki naman ang void sa puso mo. Good news: Marami kang pag-aari. Bad news. Mahirap ka pa rin.

Wala naman akong problema kung marami kang pag-aari. Hindi rin naman yun mali. Pero kung idi-define ka ng kung ano ang meron ka sa halip na ikaw ang

magdefine kung ano ang meron ka, may malaking problema.

Ang pagkakaroon ng materyal na bagay ay manipestasyon kung ano ka bilang tao. Kung konti lang ang meron ka, ang assumption is konti pa lang ang naibibigay o nagagawa mo para sa iba. E minsan bakit kahit naman anong dami na ginagawa mo, parang kulang pa rin? E dahil hindi naman lahat ng ginagawa mo ay tama.

For example, maraming mga tao ang nagki-claim na busy sila. For sure, marami naman sa kanila ay nagsasabi ng totoo. Pero ang tanong, “Ano ang pinagkakaabalahan mo?” o “Saan ka busy?”

Posible kase na busy ka sa mga bagay na hindi necessary. E yung mag-Facebook ka buong araw sa halip na magbasa ng self-help books e busy ang tawag doon e. Pero, nadagdagan ba ang kaunlaran mo bilang tao?

Hangga't hindi napuputol ang Internet connection mo, maglo-load at maglo-load ang Newsfeed mo. Alam mo ba kung ilang opportunity ang nawawala sa 'yo dahil inuuna mo pa ang pagsagap ng tsismis tungkol sa ex mo, sa mortal enemy mo, sa classmate mo nung high school, at kung sinu-sino pang mga artista sinusundan mo? Naku, napakarami nang nawala sa 'yo. Oo, nalaman mo ang mga nangyayari sa buhay nila. Pero sa expense na nawalan ka ng time para sa sarili mo. Ngayon, magrereklamo ka kung bakit parang ang lupet ng buhay sa 'yo? E, yung ibang tao naka-focus sa growth and development nila habang ikaw ay nakatutok sa social media at super busy paggamit ng *Camera 360* para lang maging maganda at sexy.

Nagbigay ka ng oras sa Facebook. Naka-receive ka ng entertainment. Ang kaso, si Facebook ang kumita ng pera at ikaw ang nagastusan ng singkwenta. Nagbigay si Facebook ng venue kung saan mo kauna-unahang malalaman ang tsismis tungkol sa mga kaaway mo. Kumita siya dahil nag-provide sya ng technology para sa 'yo. See? Life is a trade of value.

Marami kang skills na pwedeng i-develop na balang araw, pwede mong maiambag sa development ng universe, galaxy at milky way. Ito lang ang paraan na ang tao ay nakakatanggap. Kelangan meron kang ibibigay.

Once na successful ka na, meaning bigay ka na lang nang bigay, unstoppable ka na. Makikita at makikita sa 'yo ang mga bunga. At mag-uupisa na ang mga kritikong batuhin ang iyong bunga. Kaya naman may mga taong pinipiling maging discreet at manahimik. Ok din yun. Meron naman na kahit hindi naman talaga successful, masabi lang na may kaya, kung anu-ano na ang pinapakita.

May isang kwento na tumatak sa isip ko kung bakit patuloy akong nagbibigay. Tagalog naman ito kaya hindi ka dapat mag-alala.

Isang beses sa isang oras (translate: Once upon a time), may isang lalaking pumunta sa bukid at kinausap ang lupa.

Tanong niya, “Pwede mo ba akong bigyan ng ani?”

Sumagot ang lupa, “Imposible. Mabait ako pero hindi ako basta-basta nagbibigay ng ani. Pero pwede kitang bigyan ng instruction para magkaroon ka ng ani.”

“Paano?” tanong ng lalaki.

“Magdala ka ng binhi. Pagkatapos, maghukay ka at itanim ang binhi. Ready na ang aming team once na magawa mo ‘yan. Nandyan na si Haring Araw para magbigay ng sunlight, si Tubig, at si Hangin. Kami na ang bahala.” sabi ng lupa.

Kelangan mong magbigay para ikaw ay makatanggap. Lagi namang nakahanda ang mundo para tulungan kang makuha ang gusto mo e pero kelangan mong magsimula. Hindi madamot ang tadhana tulad ng iniisip mo. Pero kelangan mong magbigay.

Musmos ka pa lang noon. Nakikipaglaro ka nang bigla kang agawan ng kendi ng kalaro mo. Sa sobrang

inis mo, nakipag-away ka. Umiyak. Pagkalipas ng limang minuto, magkasundo na uli kayo ng kalaro mo. Pinatawad mo sya because you believed that joy is more important than pride. Ngayong may edad ka na, ikaw pa rin ba yung taong madaling magbigay ng forgiveness. Bakit hirap ka nang magpatawad?

Dalawang libong taon na ang nakalilipas, may isang dakilang Jewish carpenter na nagbigay ng buhay para makatanggap ang tao ng kaligtasan e.

Hindi mo naman kelangang i-save ang sanlibutan. Tapos na yun. Hindi ka naman si Superman, si Batman, wo Wonderwoman, si Spiderman, o si Thor. Yung maibigay mo lang ang puso mo sa mga taong mahal mo at mahalaga sa 'yo, maibigay mo ang tamang attention sa trabaho o negosyo mo, at mahasa mo ang talent mo para sa bayan mo, malaking bagay na yun.

Wag kalahati. Wag 1/4. Hindi mo mapipigilan ang tatanggapin mo kapag ikaw ay nagbigay. It's not what you get that makes you successful. It's what you give.

VI

# Piliin at kunin ang the best

SECOND-BEST. 'Yan ang madalas nakukuha ng maraming tao. Second best na kurso. Second best na trabaho. Second best na nobya o nobyo. Second best na kumpanyang pinagtatrabahuhan. At kung anu-ano pang second best.

Sa totoo lang wala namang may gusto ng second best. Kumbaga ang goal mo naturally is to have the best. At least yun ang ideal.

Hindi ba nung bata ka pa, ang gusto mong laruan e yung pinakamaganda? Wala ka ngang pakialam kung mahal o mura e. Oo, wala ka pang idea kung ano ang affordable at hindi pero iiyak ka pa rin kapag hindi nabili ang gusto mo.

Habang lumalaki ka nagkakaroon ka ng idea kung ano ang kaya at hindi kaya. Kapag kulang ang pambili mo, hindi ka na lang bibili. Mas mahirap kaseng magdelihensya ng pandagdag. Next time na lang pag may dumating na extrang pera.

Hindi naman ako exempted sa upbringing na ganito. Kaya ko nga nasasabi itong mga bagay na 'to e. Bago ako magtapos ng high school, gusto kong mag-aral sa UST. Conservatory of Music. Ang cute kaseng pakinggan. Napaka-mystical. Pero it also sounded expensive. At expensive nga. Pangarap kong maging growling tiger. Sa kawalan ng pera, ang growling tiger naging Hello Kitty. So napunta ako sa PUP. O, Polytechnic University of the Philippines? Yes it is—a state university na feeling ko lang mas magaling sa UP. Paano? Dalawa ang letter "P" namin at mas marami kaming "technic" as in *polytechnic*.

Hindi ko sinasabi na second best ang PUP. Sinasabi ko lang na hindi PUP ang best choice ko. Kumbaga, kung meron lang ako chance at kaya din lang naman, sa UST na lang. Pero sa halip na maghanap ako ng

sponsor at scholarship, tinanggap ko na lang ang kapalaran na sa PUP ako mag-aaral.

Don't get me wrong because I'm right, right from the start. Ang pag-aaral sa PUP ang isa sa mga defining moments sa buhay ko. Besides, sa ilang daang libong kumukuha ng entrance exam, ilang sampung libo lang ang nakakapasa. Ang 97% na nakuha ko sa entrance exam ay hindi kataasan kumpara sa maraming nakakuha ng 99%. Third day pa yata ako nakapag-enroll nun.

Hindi man ako nakapasok sa dream school ko, hindi ko naman hinayaang mawalan ng saysay ang dream ko. Pwede palang wala ka sa dream school mo pero nananatiling buhay ang dream mo.

Madali lang magrebelde kapag hindi nasunod ang gusto mo. Madalas naman itong mangyari sa napakaraming tao. Pero kung saan ka dadalhin ng pagrerebelde mo, hindi natin alam. Hindi na bago sa akin ang protesta. Sa araw-araw na ginawa ng Dyos,

nakakakita ako ng aktibista. At bukod sa lantarang protesta gaya ng welga, may mga silent protest pa.

Kapag hindi mo nakuha ang first choice mong kurso dahil sa hindi yun ang gusto ng parents mo, kinukuha mo pa rin naman kung ano ang gusto nila. Aminin mo na mag-aaral ka pero napipilitan ka.

Kung ganito na ang upbringing mo sa school, I'm sure paglabas mo after four years or more, kapag hindi ka natanggap sa dream job mo, magsi-settle ka na lang sa kahit na anong available sa 'yo.

Pareho din lang sa financial life mo. Kapag hindi mo naabot ang target mo, kahit magkano na lang ang nailalagay mo sa bangko mo. Magtataka ka ba kung pati sa pagpili ng partner sa buhay ang makukuha mo ay second-best? Wag kang magtaka dahil all your life, nasanay ka na sa second best. Kumbaga, bonus na lang pag binigyan ka ni Lord the best.

At bakit naman hindi. Halos lahat naman ganyan ang buhay. Kung ano o sino ang dumating, e 'di yun ng

tatanggapin. Masaya pa rin daw kase marami naman kayo na ang nakukuha ay second-best. "The more, the manier!" O, pati grammar at kasabihan, second-best na rin?

Pero ito ang buhay na pinili ng marami sa atin. At kilala mo naman na kung sino ang responsable sa nangyayari sa buhay natin. Karamihan pa rin ng meron ka sa buhay mo, ginusto mo, whether aware ka o hindi. Karamihan pa rin sa nakuha mo ay base sa desisyong ginawa mo.

Tuwing magkakaroon ako ng chance na mapadaan sa bus o train station habang nagda-drive ako ng secondhand 1996 Honda Accord, nakikita ko ang haba ng pila na umaabot na sa Trinoma o SM North Edsa.

Alam kong hindi talaga world class ang mass transportation system sa Pilipinas pero iniisip ko kung ano ang nagagawa ng sitwasyong ito sa mga tao. Masaya ba sila? Pagdating sa school, productive pa ba sila o nawala sa utak nila ang mga nireview nila? May

energy pa kaya sila? Creative pa rin ba sila o iritable na pagdating sa opisina? Fresh pa o bilasa na?

Hindi ko sinasabi na dapat may kotse ka. Pero kung bibilangin mo ang oras na nawawala sa ‘yo sa pagpila pa lang, siguro isang buwan sa isang taon, nakapila ka. Buti sana kung oras lang ang nawala sa ‘yo. E kadalasan nawala na rin ang hope mo. Worse, nag-uumpisa ka nang magtampo sa mundo.

Mahirap makipagsiksikan sa tren o makipag-patintero sa EDSA para lang makasakay ng maduming bus nang nakatayo. Alam ko ‘yan dahil dati akong nasa ganitong sitwasyon. Ang pinagkaiba ko lang siguro sa marami, hindi ako tumigil sa paghahanap ng paraan para makatakas sa kalakaran.

Hindi ako mas magaling o mas matalino kesa sa iba. Mas malalim lang siguro akong mag-isip. Mas mataas lang ang standard ko. Mas malakas lang ang loob ko. Mas may tiwala lang ako sa sarili kong kakayahan. Mas may pagpapahalaga lang ako sa pangarap ko.

God knows hindi ako espesyal na tao. How I wish I were! Pero after everything na nangyari sa akin, ako pa rin yung taong kumakain ng fish ball at unlimited lugaw sa PUP. Kumakain pa rin ako ng chicken joy. Naglakakad pa rin ako sa kalsada. Sumasakay pa rin ako ng bus at train especially kung kelangan. Nung minsan lang, sumakay ako sa troli mula Pandacan at tumawid sa Ilog Pasig papunta sa Sta. Mesa. Hindi naman kase nababawasan ang pagkatao ko tuwing gagawin ko ang mga bagay na 'to. Sa trabaho ko, kelangan kong maintindihan ang society ko. Sa kalsada ako natututo.

So paano ka makakakuha ng the best? Simple lang. You have to be the best. It's the best people who get the best from life. Madali lang bang maging the best? Hindi. Kaya konti lang ang nakakakuha ng the best. Konti lang ang willing na masaktan at matuto sa proseso ng pagiging the best.

Besides, wala akong kakilalang tao na nag-succeed sa isang bagay kung saan siya worst. Magtatagumpay ka lang kung the best ka sa ginagawa mo.

Itong si Manny Pacquiao, hindi naman siya makikilala kung naging orator sya e. Marunong magbasketball pero hindi siya kilala bilang basketball player. Naimagine mo na kung ano ang naging takbo ng career nya kung orator siya o basketball player?

But we will always remember and celebrate Pacquiao as a boxer dahil doon siya the best. Sa ibang bagay, he is just getting along. Hindi naman masamang gumawa ng ibang bagay pero isipin mo lang na kahit anong dami ng ginagawa mo, makikilala at makikilala ka sa isang bagay kung saan either the best or the worst ka.

Alamin mo kung saan ka the best. Ito lang ang way para magkaroon ka ng buhay na the best. Hindi ka madalas makakatsamba. At tandaan mo kapag nakatsamba ka, one-in-a-million ang chance na makakaulit ka.

People don't get what they want. Otherwise, nasa 'yo na lahat ng ginusto mo. People often get what they deserve. And makukuha mo lang ang isang bagay if

deserving ka. You are what you attract and you attract what you have.

Puro kopya ka ba sa klase? You deserve to pass but you don't deserve to learn. Puro ka utos sa trabaho? You deserve your salary but not necessarily the respect of your people? Puro ka sugal? You deserve to win as you deserve to lose with heavier emphasis on losing. Puro ka reklamo? You deserve to be heard but not necessarily to receive a solution. Wala namang reklamo na nakasolve ng problema. Nagreklamo at gumawa ng paraan kaya nasolve.

Kung hindi mo pa nakikita ang sarili mo, kelangan mo syang hanapin. Kapag nagkita na kayo, itanong mo sa kanya kung saan siya magaling at ano ang mga interests nya. Hindi magiging madali ang paghubog ng talent na ‘yan. Pero kung sure ka na na ikaw ‘yan at ‘yan ang para sa ‘yo, walang makakapigil sa kaya mong maabot.

Taasan mo ang standard mo at wag kang magpadala sa standard ng iba. Hindi porke mababa yung sa

kanila, bababaan mo na rin ang standard mo. Saka utang mo sa sarili mo ang the best na makukuha mo.

Sarili mo ang number one benefaciary ng lahat ng gagawin mo sa buhay. Hindi ka nagtatrabaho para sa iba o nag-aaral para sa iba. Nagtrabaho ka para sumahod. Para kanino ang sahod? Nag-aaral ka para kanino? Para sa classmates mo? Para sa prof mo?

Syempre, nagtatrabaho ka for your self. Pero pag OK ka na, napakadali nang maging blessing para sa iba.

Madali mong makikila ang isang tao. Paano? Tingnan mo ang mga gawa nya. Hindi kase nagsisinungaling ang resulta ng ginagawa mo. Kitang-kita sa trabaho mo kung buong puso mo itong ginawa o binasta-basta mo lang. Kitang-kita sa grades mo kung paano ka nag-aaral at ang attitude mo toward your studies. Kumbaga, ang judge ng pagkatao mo e yun mismong napu-produce mo. 'Yan ang malinaw na sukatan. Sabi nga sa matandang kasulatan, sa gawa nakikilala.

Tandaan mo, ang galing ay wala sa dami ng sinasabi. Ang mga babae, masyadong maraming sinasabi yan. Ayon sa pag-aaral, women tend to do most of the talking. Ginawa ito ng University of Maryland's College of Medicine. Sabi nila on average, women speak about 20,000 words per day kumpara sa average man, who speaks only 7,000 words per day. Wow, 13,000 words ang difference! Kaya kung lalaki ka, at tinatalakan ka ng GF or wife mo, sus naman, ano pa bang gagawin mo? Makinig ka na lang. Isipin mo na lang, may hinahabol siyang quota.

The best salesperson, according to Forbes magazine, are the silent, quiet people. Hmmm. Bakit? Dahil ang tahimik na tao raw ay mas magaling makinig at ang magaling makinig ang mas maraming naibebenta.

But always remember, your ability to speak doesn’t make you intelligent. More words don’t mean more wisdom. Wisdom often goes with brevity.

Wag second best na GF or BF. Wag second best na kurso o trabaho. Wag second best na negosyo. Wag

second best na solution. Wag second best dahil pag nag-fail ka, third best na ang makukuha mo. At least pag the best ang goal mo at hindi mo nakuha, sa second best ka pa rin babagsak.

There is no telling if you deserve the best and that sooner rather than later, you will get it. Mahirap maniwala sa hula. At mahirap manghula kung wala kang basehan, malalim na pangunawa at matatag na paniniwala. But if you are the best, you will get the best from life. Success will be served to you fresh, sound and sweet. "When you want something, all the universe conspires in helping you to achieve it," sabi nga ng kaibigan kong si Paulo Coehlo sa kanyang librong, The Alchemist.

Gusto mong makuha ang the best? Isa lang ang kundisyon: You have to be the best.

VII

# Ituloy pa rin kahit walang-wala ka na

ANG TOTOO e hindi naman lahat ipinanganak na equal. Meron talagang mas maraming pera at meron namang walang-wala. Wala ako ako doon sa maraming pera at wala rin ako dun sa walang-wala. Wala rin ako sa gitna. Nandun ako sa ibaba ng gitna.

Lahat tayo may starting point. That makes us all equal. Kahit ipinanganak kang mahirap o mayaman, may starting point ka pa rin. Fair na sabihin na may advantage ang ipinanganak na mayaman. Pero hindi ibig sabihin nun, they will finish the race strong. Pwede ko ring sabihin na may advantage ang ipinanganak na mahirap dahil nasa kanila ang mas

malalim na conviction at motivation to succeed. Sila ang mas uhaw sa magandang buhay.

Kumbaga, karamihan ipinanganak na meron na, papetiks-petiks na lang. Kaya mo silang maunahan. Pero hindi naman lahat ng ipinanganak na mayaman e ganun. May ibang gustong gumawa ng sarili nilang pangalan. So, hindi sila umaasa sa naipundar na ng kanilang mga magulang.

Hindi pala problema kung saan ka nagsisimula. Ang dapat pinag-uusapan e kung ano ang ginagawa mo para mas mapabuti at mapaunlad ang buhay mo papunta sa finish line.

Naalala ko tuloy ang isa sa mga motivational thoughts na na-introduce sa akin when I was 23 years old. Sabi dun, "In between your birthday and day of death, may makikita kang maikling dash. Ganyan lang kaikli ang buhay." Pero 'di ba kahit anong ikli ng buhay pwede mo namang lagyan ng kahulugan?

Dahil hindi ako ipinanganak na mayaman, alam ko kung paano kumain ng parehong ulam sa tanghalian at hapunan. Alam ko ang pakiramdam ng taong hindi magkaroon ng mamahaling laruan habang ang mga classmates nya ay may Bioman na robot na de-battery. Syempre, hindi ko rin kilala kung sino si Barbie. Alam ko ang feeling ng nagkukulang. Alam ko ang feeling ng walang-wala.

Madaling magtampo sa tadhana kapag ikaw ay kinukulang. Kulang ang budget. Kulang ang mga gamit. Kulang ang pagkain. Kulang ang savings. Kulang sa pansin. Kulang sa paligo.

But that in itself is a blessing. In fact, it's an automatic wake up call para sa 'yo. May kulang sa buhay mo dahil kulang ang ginagawa mo. Pwede ring marami kang ginagawa pero hindi tama. Kung productivity din lang ang hanap mo, proper activity ang kelangan mo.

Pero sa kabilang banda, may mga taong nakakalimot magpasalamat sa kabila ng mga bagay na meron sila.

Sobra-sobra ang budget. Sobra ang gamit. Sobra ang pagkain. Sobra ang savings. Sobra sa pansin. Sobra sa paligo.

Pwede naman itong maging curse para sa kanila. Marami nang nalunod sa kayamanan at kasakiman. Marami nang nag-suicide sa kabila ng fortune and kasikatan. Marami nang namatay dahil naging ganid sa kapangyarihan.

Ang totoo niyan, kapag ikaw ay meron, siguradong merong mawawala sa 'yo. Kapag ikaw ay wala, hindi ka dapat mag-alala. Bakit? Wala nang mawawala sa 'yo. Therefore, when you do something, you only have something to gain!

Sa aking television talk show, nalaman ko na almost 90% ng mga business owners na na-interview ko ay wala sa honor roll at hindi *cum laude*. Sila ay mga "B" at "C" students. Merong hindi nakatapos. Merong high school lang ang natapos. Merong taga-probinsya. Merong tagahila lang ng kalabaw sa bukid nila. May dating porter. May dating janitor.

Ito yung mga estudyanteng madalas mag-cutting classes at tumambay. Madalas silang magbulakbol at mang-asar. Nasa grupo din nila yung mga naga-announce na walang pasok kahit meron o walang exam kahit walang sinasabi ang mam.

Kung titingnan mo sila noon, sila yung mga patapon ang buhay at parang wala nang pag-asang magkaroon ng magandang kinabukasan.

Surprisingly, ang kanilang mga managers at staff sa busineses nila ay nagtapos ng magagandang kurso mula sa malalaking schools at university. Ito yung nagtapos with flying rainbow colors.

Talagang matatalino at magaling sa management galing ng Ateneo, La Salle, UP, UST at kung saan-saan pa. Malalaki ang sahod pero hindi sila ang may-ari ng negosyo. Para lang malinaw, hindi ko naman sinasabing mali sila o mas mababang uri sila dahil nagtatrabaho sila.

Sabi ko, "Parang may mali talaga dito. Dapat yata yung mga academically excellent ang may negosyo tapos ang mga workers e yung mga hindi nagtapos at galing sa hirap."

Kaya pinagpatuloy ko ang observation ko. Pinag-aralan ko talaga kung bakit ang mga *cum laude* ay nagtatrabaho para sa mga loko-lokong estudyante nung sila ay nag-aaral pa. Hindi naman ganito ang lahat ng cases pero ang 90% ay 90%.

Finally, nalaman ko ang sagot. At ito ay may kinalaman sa reputation.

Ang mga academically excellent na estudyante ay hindi naman nerd. Ang image lang talaga nila e may malaking salamin na mataas ang grado, magulo ang buhok, at walang kagrooming-grooming. Parang kamukha lang ni Einstein! Kaya madalas tinutukso ng mga bully at tamad mag-aral. Pero nagiging empleyado sila dahil meron silang reputasyon na pinapangalagaan.

Hindi biro ang mag-maintain ng 1.25. Talagang patayan sa patayan ito. Kaya after school, syempre nakakahiya naman kung magnenegosyo ka tapos biglang malulugi. Epic failure yun. Record-breaking. O, heartbreaking.

Nakakahiya kina mom and dad. Nakakahiya sa mga cousins. Nakakahiya sa mga neighborhood. Nakakahiya kina kapitan o kagawad. Nakilala siyang *cum laude* kaya no-no ang failure. That's the least thing na pwedeng mangyari sa mga taong may reputasyong iniingatan.

E paano naman yung mga academically poor? Ah, simple lang 'yan. Sa school, sila yung mga pasaway at walang masyadong alam sa kanilang mga pinapag-aralan. Madalas bagsak. Madalas hindi makasagot sa klase. Madalas late mag-submit ng projects. Oo, late na nga nag-submit, pangit pa ang project. Pero sila madalas ang nagiging negosyante. Bakit?

Eto kase ang mga taong walang pakialam kung babagsak sila. Bakit? Matagal na silang bumabagsak sa

buhay. Dapang-dapa na sila. Matagal na silang wala. Walang-wala na sila. Lahat na ng pang-aalipusta e naranasan na nila. Manhid na manhid na sila.

Kapag sila ay nagtayo ng negosyo at bumagsak. Anong bago? Dati pa silang bumabagsak. Besides, meron ba silang reputasyon na iniingatan? Wala!

So, anong problema nila? Wala. Kaya sila ang madalas nagti-take ng risk at sila ang madalas makakuha ng reward. Hindi masama ang mag-aral. Pero kung ang reputasyon mo academically ang pipigil sa 'yo para subukan ang mga bagay na may chance ka naman magtagumpay, nandun ang problema.

Kalimutan mo ang pagiging valedictorian mo. Wala namang makakaagaw sa 'yo ng title na 'yan. Alam ng lahat kung sino ang pinakamagaling sa klase. At wala namang magnanakaw ng gold medal mo na proud na proud kang suot-suot dati. Besides, marami nyan sa Recto.

All or nothing. Ganun lang ka-simple yun. Ang buhay na ito ay isang malaking laro. May mananalo. May matatalo. Paminsan-minsan, may manlalamang at may magpapalamang. Paminsan-minsan, may iiyak at may tatawa. Paminsan-minsan may magsi-celebrate at may mapu-frustrate.

Kung laro ang buhay na ito, may ilang steps na dapat kang sundin para manalo. Kung nung araw, nakakalusot ka sa school kahit hindi mo sinusunod ang instruction sa test paper mo, sa tunay na buhay, kelangan mong sundin ang mga bagay na ito. Pag sinabing encircle the right answer, bilugan mo.

Gusto mong manalo?

Una, alamin mo kung 'yan ang laro na para sa 'yo. Kung hindi rin lang part ng pagkatao mo ang engineering, wag mo nang pag-aksayahan ng panahon.

Ikawala, alamin mo ang rules kung paano laruin ang laro mo. Later mo na lang i-break ang rules kapag

alam mo na. Hindi mo rin naman kase mabi-break ang rules na hindi mo alam. ‘Yan ang natutunan ko sa Music School ni Ryan Cayabyab. Comparison and contrast principle lang ‘yan.

Ikatlo, galingan mo sa pag-eensayo. Sa ensayo nakadepende ang panalo mo.

Ikaapat, basahin mo ang susunod na chapter.

VIII

# Gumawa ng sariling plano

KUNG ANG buhay ay isang malaking palaruan, may uuwi sa bahay nang luhaan at talunan at may uuwi nang masaya at panalo. Ang ikaapat na paraan para manalo sa laro?

Plano.

Kung wala kang plano sa buhay mo, magiging parte ka ng plano ng ibang tao. Kapag naging parte ka ng plano nila, hindi masyadong malaki ang makukuha mo. Meron ka pa ring makukuha. Pero konti lang.

Malungkot na katotohanan: Mas marami ka pang oras para mag-ayos ng buhok mo, mag-ahit ng kilay mo, mag-makeup ng mukha mo, magplano ng bakasyon mo, mag-Facebook tuwing vacant mo at mag-text sa

mga kaibigan mo kaysa magplano ng buhay mo. Mas marami ka pang oras para sumagap sa tsismis sa inyong opisina kaysa magplano kung paano ka mas magiging effective na empleyado. Mas marami ka pang time para magreklamo kaysa gumawa ng plano para magkaroon ng solution ang problema mo.

Halos ganito rin ang story ng mga kaibigan natin sa abroad. I'm sure mabubuting tao sila at malaki ang sakripisyo nila para sa mga pamilya nila. Pero malamang sa hindi, ganito ang sitwasyon:

Uuwi ka ng Pinas. Akala nila marami kang pera. Para hindi nakakahiya, maglalabas ka. Pagbalik mo sa ibang bansa, wala ka na namang pera. Mag-iipon ka uli. Sa susunod na pag-uwi, ganun uli. Hindi ka masamang tao. Pero kung hindi mo pagpaplanuhan ang buhay mo, anong klaseng future ang naghihintay sa 'yo?

E bakit ba naman hindi ganito ang mangyayari? Hindi ka naman talaga tinuruan kung paano magplano, 'di ba? Nasaan ang "personal finance" sa general

curriculum? Kung hindi ka pa magiging officer ng org, hindi ka naman natututo ng mga planning na 'yan. Kelangan mo pang maging muse o escort para lang makasama sa officers nung high school.

Sa college, ganun din. Sa tagal ko sa negosyo, marami na rin akong naging OJT (on-the-job tambay?). Marami nang nag-attempt na mag-OJT para lang makumpleto ang 300 hours na requirement ng school nila. Nakakatamad nga naman kase. Besides, it's just another requirement na kelangan nilang gawin para maka-graduate. At least, yun ang akala nila.

Tingin ko, ang buhay ay isang napakahabang OJT o para sa mga business-minded, OBT (on-the-business training). Mukhang sa ayaw at sa gusto mo, kelangan mong maghanda. Sooner or later, darating ka kase sa point kung saan susubukin ang kaalaman at kakayahan mo. Kapag dumating yun, gaano ka kahanda?

Tuwing nagbibigay ako ng interview sa mga trainees ko, sinasabi ko na hindi sila nag-apply para

ipagtimpla ako ng kape. Alam kong marami ang minamalas at napupunta sa mga kumpanyang hindi nagtitiwala sa mga trainees. Kunsabagay, naging ganun na talaga siguro ang kalakaran. Kapag estudyante ka pa lang, ang tingin sa 'yo ng mga kumpanya e musmos pa lang at walang alam kaya marami ang sa pantry na lang ina-assign.

Simple lang naman ang tanong ko. Kung hindi requirement ang OJT sa curriculum, gagawin mo ba? Syempre, kung matalino ka, magiging suspicious ka sa tanong na ito kaya magpapakitang-gilas ka at sasabihin mong, "Opo." So, ang susunod na tanong ko: Anong plano mo after school?

Sa puntong ito, 95% ng nainterview ko? Nganga! Alam kong somehow may gusto silang mangyari. Alam ko naman na gusto nilang makakuha ng magandang trabaho o kumikitang negosyo. Alam kong gusto nilang maging manager or executives pagdating ng araw.

Sa totoo lang wala naman akong problema sa gusto nilang mangyari. Pero kung wala silang plano, yun ang malaking problema. At hindi wish ang solusyon sa problemang ito kundi plano. There's no other way.

Lahat ng basketball team ay may plano. Yun nakikita nyong ginagawa nila pag timeout. Lahat ng bahay ay may plano bago itayo. Hindi kase pwedeng walang blueprint e. Ano yun, kapag hindi mo nagustuhan ang pwesto ng bathroom mo, uulitin mo na naman ang construction? Pwede. Pero expensive. Ang bahay na ipinagagawa mo, nakita na mo na ang finished product sa drawing pa lang. May blueprint.

In other words, kung gusto mo ng finished product na malapit sa taste mo, kelangan mo ng plano.

Kung mag-aaply ka para sa OJT, alamin mo kung ano ang magagawa ng training na ito para sa 'yo. Konting oras lang ang binibigay sa atin ng school para ihanda tayo sa "real world" na balita ko e napakabagsik daw. Hindi sa tinatakot kita pero ngayon pa lang, matakot ka na talaga. Dapat ang training mo ay preparation

mo for a career na gusto mong puntahan eventually. Syempre kapag nakapasok ka na sa kumpanya, magpaplano ka uli. Alamin mo ang setup ng organization at tingnan mo ang opportunities for growth. Wala kaseng ibang pupuntahan ang kumpanya mo kundi growth or death. If the company doesn't grow, it dies. It grows with you as it dies with you.

Sa negosyo, ganun din. Sa dami ng negosyo na pwede kong gawing example, mas mabuting tingnan natin ang isang tindahan kung saan "everything is here." Syempre narinig mo na ang SM. Malamang e nakapasok ka na rin dun. Pwede ka kaseng tumambay dun at mag-internet nang libre for a limited time.

Nung nasa PUP pa ako, tambayan ko 'yan especially kapag summer. Mainit sa boarding house namin kaya bibili ako ng ticket para manood ng sine. At tatlong beses akong manonood para gabi na ako makauwi. Uso pa kase dati yung repeat screening. Ngayon kase papalayasin ka na pagkatapos ng isang screening.

Ang SM ay isang negosyong naging successful hindi lang dahil sa hard work ng mga may-ari nito. Oo, nagmula sila sa hirap. Ayon sa naririnig kong kwento, minsan din daw pinalayas ng Mercury Drug itong si Mang Henry Sy habang nagtitinda sa harap ng store nila. Nasabi tuloy niya na balang-araw kapag successul na ako, "Who you?" kayo sa akin. Kaya wag kang magtaka kung bakit walang Mercury sa loob ng SM. Hindi pala doon natapos ang story. Kumuha pa yata sila ng Watson para kalabanin ang Mercury.

Ang isa sa mga susi ng tagumpay ng SM (at ng iba pang successful na negosyo) ay p-l-a-n-o. Ang sabi nila, gawa tayo ng isang lugar na pupuntahan ng tao. Pero hindi lang isang lugar. Dapat lugar na maraming tindahan. Hindi lang puro tindahan. Dapat may mga restaurant din. Hindi lang restaurant. Dapat may mga entertainment din tulad ng sinehan at palaruan. Pwede kayang may grocery at palengke rin? Dapat pala may mga services din tulad ng pagupitan. Ah, isang lugar kung saan maglalaban-laban ang mga brands at kumpanya. Kapag ang isang tao ay nagpunta rito, nandito na lahat.

Sounds like a plan to me. Sure, it did work out.

Habang ang maraming tao ay natutulog, naghihintay at nakatambay, ang negosyanteng si Mang Henry ay nagpaplano. At naging parte tayo ng plano niya.

Sabi ng marami, unfair naman daw itong si Mang Henry. Sabi ko naman, e siya yung nagplano kaya siya ang masusunod. Marami raw talaga ang contractual workers. Oo naman. At parte yun ng plano niya. Masisisi natin siya if yun ang strategy na gusto niya? Hindi. Bakit? Sa kanya yun e. Nakikilahok lang tayo sa plano niya. And I'm sure may reason sya.

Bago ko narating kung nasan man ako ngayon, pinagplanuhan ko ring maigi ang buhay ko. At tulad ng inaasahan, napakaraming palpak sa plano ko. Hindi lahat nagwork. Siguro sa sampung plano ko, isa o dalawa lang ang tumama. Can you imagine sa one hundred na plano ko, sampu lang ang tama at sa 1,000 e 100 lang?

Pero hindi naman pag-uusapan kung ilan ang palpak. Ang natatandaan ng tao e yung tumama. Ang panalo ang natatandaan ng tao hindi ang talo. Kaya kung matatalo ka, wag kang malungkot. Malilimutan din agad nila 'yan. After ng laban, anong tanong? "Sinong nanalo?" Subukan mo rin minsang itanong with enthusiasm, "Sinong natalo?" malamang masabihan ka pang bobo. Because we are normally interested kung sinong nanalo.

Minsan, may isang estudyanteng nag-Tweet sa akin. Medyo depressed dahil hindi siya natanggap sa kumpanyang pinag-applyan niya. Sabi ko, "Wag kang malungkot. Hindi ka masamang tao. Nagkulang ka lang. And someone just came more prepared than you. Kaya siya ang napili."

Sa kahit na anong larangan, ang pahahanda ay kasing halaga ng mismong laban. In fact, ang lahat ng laban sa buhay ay naguumpisa sa paghahanda. Minsan, aakyat ka na lang para kunin yung trophy.

Pero may mga taong hanggang ngayon ay naniniwala pa rin sa tsamba o "luck". No wonder, mahaba pa rin ang pila sa kiosk ng lotto at may mga jueteng pa rin sa paligid at marami pa ring nakanganga sa mga TV screen for an "OTB" o off-track betting para tumaya sa karera ng kabayo.

Isa lang ang problema ko sa tsamba. Kung naka-tsamba ka, paano mo uulitin?

"Ang plano kapag hindi nakasulat? It's just a wish," sabi ko kay Korina Sanchez nung ininterview ako sa Rated K.

May problema ako sa wish. Kung wala ka rin lang genie na magbibigay sa 'yo ng tatlong wishes, wag kang masyadong umasa. Napakaraming wishes ang nalibing na sa sementeryo kasama ng mga nag-wish. Sa totoong buhay, mamimili ka lang kung ano ang hawak mo: wish o plan?

Ang wish ko para sa 'yo? Magkaroon ka sana ng plan.

Pahabol na Salita

# Stand up, leave the crowd, pay the price and get it.

MALAPIT nang matapos ang binabasa mo pero nanatiling maingay ang mundo, loko-loko pa rin ang BF mo, kuripot pa rin ang parents mo, spoiled brat ka pa rin sa lolo't lola mo, terror pa rin ang prof mo, pakialamero pa rin ang mga kaibigan mo, at corrupt pa rin ang mga pulitikong ibonoto mo. Marami pa ring hindi maniniwala sa kakayahan mo. Marami pa ring kontra-bida sa buhay mo. At marami pa ring pinagtatawanan ang plano mo.

Ano na ngayon ang gagawin mo? May dalawang choices ka naman na pwedeng pagpilian. Una, you can choose to *stay alive* and survive. Ikalawa, *live a life* and succeed.

Sana pwedeng ako ang pumili para sa ‘yo. Pero naniniwala ako sa ‘yo. Buhay mo naman kase ‘yan. Alam mo ang makakabuti para sa ‘yo.

Madali lang makapasa, kumita ng pera, at magtayo ng negosyo. Halos lahat naman nagagawa yun. Pero ang mahirap, ginagawa mo ang isang bagay na wala kang malalim na dahilan. Gusto mong magtagumpay? Para saan? Para kanino? Bakit? Ano  sa ‘yo ang mga bagay na ito?

Ten years from now, if you’re not dead, you’re alive. Sa ayaw o sa gusto mo, darating ang sampung taon sa buhay mo. In ten years, you are in constant race against time, which you can’t control and your self, which you have total control. Sampung taon mula ngayon, anong klaseng buhay ang nakikita mo?

Stand up, leave the crowd, pay the price and get it.

At wag mong ipagkait sa sarili mo ang pagkakataong magtagumpay. Ikaw man ay may kakayahang maging inspirasyon din para sa iba.

Pitong libo't isang daan at pitong

# Pasasalamat

**BAGO KO** pasalamatan ang buong bansa sa lahat ng suporta at pagmamahal, gusto kong ialay ang librong ito unang-una kay God, ang pinagmumulan at katapusan ng lahat ng tagumpay, maraming salamat po sa biyaya ng panulat;

Sa aking minamahal na commander-in-chief Beth at ang kanyang vice commander na si Erin Sky; Sa aking family, Nanay Melie at Tatay Vic. Sa aking mga kapatid, Celeste at Claire. Sa aking mga kasamahan sa negosyo at gym buddy Pocholo Gonzales at mentor na si Ian Barcelona.

Sa inyong lahat sa Pinas at sa ibayong dagat na patuloy na naniniwala sa kanilang pangarap at patuloy na nanalig na isang araw, makakamit nila ang minimithing tagumpay, maraming maraming salamat po!

Ang concept ng librong ito ay nabuo nung ininvite ako ng Globe/ TM as a celebrity-speaker sa Republikabataan 2013. Originally, ang module ay “Sino ang Tunay na Astig?” Salamat po sa pagtitiwala!

# About the author

LLOYD LUNA is Chief Enabling Officer of LLOYDLUNA Communications, the parent company of UMBRELLA, a leading personal development company in the Philippines that aims to teach people to succeed through motivational seminars, life skills training, and personal development programs.

A proud Filipino personal development teacher whose life works have been featured in many Asian conventions and conferences, he has inspired more than half a million people from many walks of life who have heard and seen him speak on personal motivation, work inspiration, and business success—from the many islands in the Philippines to the wonderful cities of Thailand, South Korea, Vietnam, Brunei, Singapore, Malaysia and United Arab Emirates.

His remarkable journey from being a bread seller in his suburb hometown during his early childhood to now a highly celebrated author and resource expert has been the subject profile of major television networks like ABS-CBN and GMA7; radio like DZMM, DZRH, DZXL and DZIQ; newspapers like Philippine Daily Inquirer, Philippine Star,

Business World, Manila Bulletin and The Manila Times; magazines like Good Housekeeping and SME, and other websites. His ten self-published books, *“Is There A Job Waiting For You?”, “The Obvious Reasons for Success”, “Alphabet of Achievement”, “Why Am I Working?”, “Why Good People Fail”, “Nurse Your Future”, “Do You Have A Life of Your Own?”, “The Internet Marketing Handbook”, “Why Am I In Love With You?”, and “Paano Maging Successful*” have garnered rave reviews such as “every Filipino’s companion in good times and bad,” “lifesaver for those who are confused and disappointed,” “magical books that touch the heart and strengthen the spirit” and “remarkable Filipino masterpieces.”

His television show since 2010, Creative Business on Global News Network, an exclusive fun-filled interviews with the country’s inspiring business and top community leaders, has been instrumental in pushing for his cause to have an enterprising Filipino nation.


An active church worker, he has been consistently helping the music ministry of his local parish as a musical director and choral conductor during major liturgical celebrations, thanksgiving events and fund-raising concerts. He also produced “Ang Misa ng Banal na Puso ni Hesus Songbook


and Album," an original music composition for the mass. A passionate musician, he founded an after-calamity advocacy band, Peaches and Cream String Quartet, to give inspiration to the masses through classic, contemporary and popular music.


His distinctions include Collegiate Ambassador for Peace awarded in South Korea, Knights of Rizal Leadership Institute Achievement Medalist, Exemplary Citizen of Gumaca, Quezon, Philippine National Police Leadership Award, Organized Response for the Advancement of Society (ORAS) Awardee on Entrepreneurship, 2012 Most Outstanding Motivational Speaker, 2012 Most Outstanding Author, 2012 Inspiring Young Male Motivational Speaker of the Year, 2012 Most Outstanding Training Service Provider, SM Supermarket Brand Ambassador, and 2013 Most Inspiring Young Male Professional of the Year.


At age 31, he was nominated to the 2013 Ten Outstanding Young Men of the Philippines.


THE SHOP









Go to:
lloydluna.com/shop

About the author

# An OFW who never left his country



**LLOYD ABRIA LUNA**, popularly known in social media as **#PambansangInspirasyon**, is an international motivational speaker and comedian, author of ten self-help books, radio and television talk show host, newspaper and magazine columnist, composer, speechwriter, publisher, serial entrepreneur and a life mentor. With all his talents and skills, he could have gone overseas and made more personal wealth. Instead, he stayed. He is an OFW who never left his country because he believes in the Philippines and its people. His remarkable story of turning life's misery into opportunities has been inspiring many Asian countries including Malaysia, Singapore, Brunei, Vietnam, Thailand and South Korea since 2005. He is President of LLOYD LUNA Communications. *(continued on page 102)*

Hindi maipapangako ng librong ito ang tagumpay na hinahanap mo
Pero kung babasahin mo ito pwedeng lumaki ang chance mo

Hindi ko sasabihing magiging madali ang buhay mo 'pag binasa mo ito
Pero hindi ko rin sasabihing imposibleng makuha mo ang mga pangarap mo

Hindi ko alam kung ilang beses ka nang pinaglaruan ng tadhana
Pero 'wag mo sanang ipagkait sa sarili mo ang pagkakataong maniwala at muling magtiwala

Ikaw man ay meron ding kakayahang baguhin ang takbo ng iyong buhay
Pero kailangan mo ng mabigat na dahilan at pusong handang iwan ang kinagawian

**LLOYD ABRIA LUNA**, popularly known in social media as #PambansangInspirasyon, is an international motivational speaker and comedian, author of ten books, television talk show host, columnist, composer, publisher, speechwriter, entrepreneur and life mentor. He is an OFW who never left his country because he believes in the Philippines and its people. His remarkable story of turning life's misery into opportunities has been inspiring many Asian countries including Malaysia, Singapore, Brunei, Vietnam, Thailand and South Korea since 2005. He is President and Chief Enabling Officer of LLOYD LUNA Communications.

P250 (US/Canada $6.00)
ISBN: 978-971-93474-9-1 (Print)
ISBN: 978-971-95875-0-7 (Ebook)
Printed in the Philippines
(Personal Development)

/lloydluna Visit lloydluna.com